# Ang mga Saligan ng Pananampalataya

**Pag-aakda ng Imām na Tagapagpanariwa na si Shaykh Al-Islām**

**Muḥammad bin `Abdulwahhāb –**

**kaawaan siya ni Allāh (napakataas Siya).**

Rwwad Translation Center Rabwah Association IslamHouse Website

This book is properly revised and designed by Islamic Guidance & Community Awareness Association in Rabwah, so permission is granted for it to be stored, transmitted, and published in any print, electronic, or other format - as long as Islamic Guidance Community Awareness Association in Rabwah is clearly mentioned on all editions, no changes are made without the express permission of it, and obligation of maintained in high level of quality.

Telephone: +966114454900

Fax: +966114970126

P.O.BOX: 29465

RIYADH: 11557

ceo@rabwah.sa

www.islamhouse.com

# Ang Paksa ng Pagkakilala kay Allāh (Kamahal-mahalan Siya at Kapita-pitagan) at Pananampalataya sa Kanya

1. Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: **{Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): Nagsabi si Allāh (napakataas Siya): "Ako ay ang pinakawalang-pangangailangan sa mga katambal sa pagtatambal. Ang sinumang gumawa ng isang gawa na nagtambal siya rito kasama sa Akin ng iba pa sa Akin, mag-iiwan Ako sa kanya kasama ng pagtatambal niya."}**

Nagsalaysay nito si Imām Muslim.

**2. Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Tumindig sa amin ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) nang may limang pangungusap saka nagsabi siya:**

**"Tunay na si Allāh (napakataas Siya) ay hindi natutulog at hindi nararapat para sa Kanya na matulog. Nagbababa Siya ng timbangan at nag-aangat nito. Inaangat sa Kanya ang ginawa sa gabi bago ng ginawa sa maghapon at ang ginawa sa maghapon bago ng ginawa sa gabi. Ang tabing niya ay ang liwanag. Kung sakaling humawi Siya nito, talagang sumunog sana ang mga kaluwalhatian ng mukha Niya sa anumang inabot ng paningin Niya kabilang sa nilikha Niya."}**

Nagsalaysay nito si Imām Muslim.

3. Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) batay sa ḥadīth na marfū`:

**{Ang kanan ni Allāh ay punung-puno; walang nakababawas dito na isang paggugol, na palakaloob sa gabi at maghapon. Nakakita ba kayo ng ginugol Niya magmula ng lumikha Siya ng mga langit at lupa? Tunay na ito ay hindi nakabawas sa anumang nasa kanan Niya, samantalang ang timbangan ay nasa ibang kamay Niya habang nag-aangat Siya at nagbababa Siya.}**

Nagtala nito ang Dalawa.

4. Ayon kay Abū Dharr (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: **{Nakakita ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng dalawang tupang nagsusuwagan kaya nagsabi siya: "Nababatid mo ba kung dahil sa ano nagsusuwagan silang dalawa, O Abū Dharr?" Nagsabi ako: "Hindi po." Nagsabi siya: "Subalit si Allāh ay nakababatid at hahatol sa pagitan nilang dalawa."}**

Nagsalaysay nito si Imām Aḥmad.

5. Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya):

**إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُكُمْ أَنْ تُؤَدُّوا الْأَمَانَاتِ إِلَى أَهْلِهَا وَإِذَا حَكَمْتُمْ بَيْنَ النَّاسِ أَنْ تَحْكُمُوا بِالْعَدْلِ إِنَّ اللَّهَ نِعِمَّا يَعِظُكُمْ بِهِ إِنَّ اللَّهَ كَانَ سَمِيعًا بَصِيرًا**

**{Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay bumigkas ng talatang ito (Qur'ān 4:58)**: **{Tunay na si Allāh ay nag-uutos sa inyo na gampanan ninyo ang mga ipinagkatiwala sa mga kinauukulan ng mga ito. Kapag humatol kayo sa pagitan ng mga tao na humatol kayo ayon sa katarungan. Tunay na si Allāh ay kay inam ng ipinangangaral sa inyo! Tunay na si Allāh ay laging Madinigin, Nakakikita.} habang naglalagay siya ng mga hinlalaki niya sa mga tainga niya at ng [mga daliring] nakatabi ng mga ito sa mga mata niya.}**

Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud, Imām Ibnu Ḥibbān, at Imām Ibnu Abī Ḥātim.

6. Ayon kay Ibnu `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi:

**"Ang mga susi ng Lingid ay lima, na walang nakaaalam sa mga ito kundi si Allāh: Walang nakaaalam kung ano ang nasa kinabukasan kundi si Allāh, walang nakaaalam kung ano ang nilalaman ng mga sinapupunan kundi si Allāh, walang nakaaalam na isa man kung kailan darating ang ulan kundi si Allāh, walang nakababatid na isang kaluluwa kung sa aling lupain siya mamamatay kundi si Allāh, at walang nakaaalam kung kailan sasapit ang Huling Sandali kundi si Allāh – napakamapagpala Siya at napakataas."}**

Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy at Imām Muslim.

7. Ayon kay Anas bin Mālik (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

**"Talagang si Allāh ay higit na matindi sa pagkatuwa dahil sa pagbabalik-loob ng lingkod niya kapag nagbabalik-loob ito sa Kanya kaysa sa isa sa inyo na lulan ng sasakyang hayop niya sa isang lupaing tigang. Nakawala ito sa kanya habang lulan dito ang pagkain niya at ang inumin niya kaya nawalan siya ng pag-asa rito. Pumunta siya sa isang punong-kahoy saka nahiga sa lilim nito noong nawalan na siya ng pag-asa sa sasakyang hayop niya. Ngunit habang siya ay gayon, biglang siya ay kasama nito habang nakatayo sa tabi niya. Humawak siya sa panuga nito saka nagsabi**

**dahil sa tindi ng pagkatuwa: 'O Allāh, Ikaw ay alipin ko at ako ay panginoon Mo.' Nagkamali siya dahil sa tindi ng pagkatuwa."**}

Nagtala nito ang Dalawa.

8. Ayon kay Abū Mūsā (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi:

**"Tunay na si Allāh ay nag-aabot ng kamay Niya sa gabi upang magbalik-loob ang tagagawa ng masagwa sa maghapon at nag-aabot ng kamay Niya sa maghapon upang magbalik-loob ang tagagawa ng masagwa sa gabi, hanggang sa sumikat ang araw mula sa kanluran nito."**}

Nagsalaysay nito si Imām Muslim.

9. Batay sa kanilang dalawa, ayon kay `Umar (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: **{Nagdala sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng mga bihag ng Hawazin saka biglang may babaing kabilang sa mga bihag na tumatakbo noong nakatagpo ito ng isang bata sa mga bihag saka kinuha nito iyon saka idinikit nito iyon sa tiyan nito saka pinasuso nito iyon. Kaya nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Makaiisip ba kayo sa babaing ito na magtatapon ng anak niya sa apoy?" Nagsabi kami: "Hindi po, sumpa man kay Allāh." Kaya nagsabi siya: "Talagang si Allāh ay higit na maawain sa mga lingkod Niya kaysa sa [babaing] ito sa anak nito."}**

10. Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

**"Noong lumikha si Allāh ng mga nilikha, nagsulat Siya sa isang talaan saka ito ay nasa piling Niya sa ibabaw ng trono: Tunay na ang awa Ko ay nanaig sa galit Ko."**}

Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy.

11. Batay sa kanilang dalawa, ayon kay Abū Hurayrah: {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi:

**"Gumawa si Allāh sa awa na isang daang bahagi saka humawak Siya sa piling Niya ng siyamnapu't siyam na bahagi at nagpababa Siya sa lupa ng iisang bahagi. Kaya mula sa bahaging iyon nag-aawaan ang mga nilikha nang sa gayon mag-angat ang hayop ng paa nito palayo sa anak nito sa takot na makatama ito niyon."**}

12. Batay kay Imām Muslim ang kahulugan nito mula sa ḥadīth ayon kay Salmān at nasaad dito:

**{Bawat awa ay nagkakatakluban sa pagitan ng langit at lupa." Nasaad pa rito: "Kaya kapag nangyari ang Araw ng Pagbangon, magbubuo Siya nito sa pamamagitan ng awang ito.}**

13. Ayon kay Anas (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

**"Tunay na ang tagatangging sumampalataya, kapag gumawa siya ng isang magandang gawa, ay patitikimin siya nito bilang patikim sa Mundo. Hinggil naman sa mananampalataya, tunay na si Allāh ay mag-iimbak para sa kanya ng mga magandang gawa niya sa Kabilang-buhay at magkakaloob sa kanya ng panustos sa Mundo dahil sa pagtalima niya."**}

Nagsalaysay nito si Imām Muslim.

14. Batay kay Imām Muslim, ayon kay Anas batay sa ḥadīth na marfū`:

**{Tunay na si Allāh ay talagang nalulugod sa tao na [kapag] kumakain ng pagkain ay nagpupuri dahil doon at [kapag] uminom ng inumin ay nagpupuri dahil doon.}**

15. Ayon kay Abū Dharr (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

**"Lumangitngit ang langit at nagindapat para rito na lumangitngit. Wala ritong isang puwang ng apat na daliri malibang habang doon ay may isang anghel na nakapatirapa kay Allāh – napakataas Siya. Kung sakaling nakaaalam kayo ng nalalaman ko, talagang tatawa lang kayo nang madalang, at talagang iiyak kayo nang madalas at hindi kayo makapagpasarap sa mga babae sa mga higaan, at talagang pupunta kayo sa mga daan habang nagsusumamo kayo kay Allāh – napakataas Siya."**}

Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy at nagsabi siya na isang magandang ḥadīth ito.

16. Batay kay Imām Muslim, ayon kay Jundub (malugod si Allāh sa kanya) batay sa ḥadīth na marfū`:

**{May nagsabing isang lalaki: "Sumpa man kay Allāh, hindi magpapatawad si Allāh kay Polano." Kaya nagsabi si Allāh kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan): "Sino itong humuhusga sa Akin na hindi Ako magpatawad kay Polano? Tunay na Ako ay nagpatawad na sa kanya at nagpawalang-kabuluhan sa gawa mo."}**

17. Batay kay Imām Muslim, ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) batay sa ḥadīth na marfū`:

**{Kung sakaling nakaaalam ang mananampalataya ng nasa ganang kay Allāh na kaparusahan, wala sanang naghangad ng Paraiso Niya na isa man. Kung sakaling nakaaalam ang tagatangging sumampalataya ng nasa ganang kay Allāh na awa, wala sanang nalagutan ng pag-asa sa Paraiso Niya na isa man."}**

18. Batay kay Imām Al-Bukhārīy, ayon kay Ibnu Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

**"Ang Paraiso ay higit na malapit sa isa sa inyo kaysa sa sintas ng sandalyas niya at ang Impiyerno ay tulad niyon."}**

19. Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) batay sa ḥadīth na marfū`:

**{Tunay na may babaing patutot na nakakita ng isang aso sa isang mainit na araw, na umaali-aligid sa isang balon at naglawit-lawit na ito ng dila nito dahil sa uhaw kaya isinalok niya para rito ang sapatos niya saka pinainom niya ito kaya pinatawad siya dahil dito.}**

20. Nagsabi pa siya: **{May papasok sa Impiyerno na isang babae dahil sa isang pusang ikinulong niya, na hindi siya nagpakain nito at hindi siya nagpakawala nito para kumain ng ilan sa maliliit na hayop ng lupa.}**

Nagsabi si Az-Zuhrīy: "Upang hindi umasa ni mawalan ng pag-asa ang isa."

Nagtala nito ang Dalawa.

21. Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) batay sa ḥadīth na marfū`:

**{Humanga ang Panginoon natin sa mga taong aakayin tungo sa Paraiso na nasa mga tanikala.}**

Nagsalaysay nito sina Imām Aḥmad at Imām Al-Bukhārīy.

22. Ayon kay Abū Mūsā Al-Ash`arīy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: **{Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Walang isa na higit na matiisin sa isang pananakit na naririnig nito kaysa kay Allāh. Nagpapalagay sila para sa Kanya ng anak, pagkatapos nagbibigay-kagalingan Siya sa kanila at nagtutustos Siya sa kanila."}**

Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy.

23. Batay sa kanya ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

**"Tunay na si Allāh (napakamapagpala Siya at napakataas), kapag umibig sa isang lingkod, ay nananawagan: 'O Gabriel! Tunay na si Allāh ay umiibig kay Polano kaya ibigin mo siya.' Kaya naman iibig sa kanya si Gabriel. Pagkatapos mananawagan si Gabriel [sa mga naninirahan] sa langit: 'Tunay na si Allāh ay umiibig kay Polano kaya ibigin ninyo siya.' Kaya naman iibig sa kanya ang mga naninirahan sa langit at ilalagay para sa kanya ang pagtanggap sa lupa."}**

24. Ayon kay Jarīr bin `Abdillāh Al-Bajiliy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Kami minsan ay nakaupo sa tabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) noong tumingin siya sa buwan sa gabi ng kabilugan. Nagsabi siya:

**"Tunay na kayo ay makakikita sa Panginoon ninyo kung paano kayong nakakikita sa buwang ito nang hindi kayo**

**makikipagsiksikan sa pagkakita sa Kanya. Kaya kung nakaya ninyo na hindi kayo mapanaigan sa isang dasal bago ng pagsikat ng araw at bago ng paglubog nito ay gawin ninyo."** Pagkatapos bumigkas siya:

**فَاصْبِرْ عَلَى مَا يَقُولُونَ وَسَبِّحْ بِحَمْدِ رَبِّكَ قَبْلَ طُلُوعِ الشَّمْسِ وَقَبْلَ غُرُوبِهَا وَمِنْ آنَاءِ اللَّيْلِ فَسَبِّحْ وَأَطْرَافَ النَّهَارِ لَعَلَّكَ تَرْضَى**

**{at magluwalhati ka kalakip ng papuri sa Panginoon mo bago ng pagsikat ng araw at bago ng paglubog nito;}} (Qur'ān 20:130)**

Nagsalaysay nito ang Jamā`ah.

25. Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi:

**"Tunay na si Allāh (napakamapagpala Siya at napakataas) ay nagsabi: Ang sinumang nakipag-away sa isang katangkilik para sa Akin ay nagpahayag nga Ako sa kanya ng digmaan. Hindi nagpakalapit-loob sa Akin ang lingkod Ko sa pamamagitan ng isang bagay na higit na kaibig-ibig sa Akin kaysa sa pagsasagawa ng isinatungkulin Ko sa kanya. Hindi tumitigil ang Lingkod Ko na nagpapakalapit-loob sa Akin sa pamamagitan ng mga pagsambang kusang-loob hanggang sa umibig Ako sa kanya. Kaya kapag umibig Ako sa kanya, magiging Ako ang pandinig niya na ipinandidinig niya, ang paningin niya na ipinaniningin niya, ang kamay niya na ipinangsusunggab niya, at ang paa niya na ipinanlalakad niya. Talagang kung humingi siya sa Akin ay talagang magbibigay nga Ako sa kanya. Talagang kung humiling siya sa Akin ng pagkupkop ay talagang kukupkop nga Ako sa kanya. Hindi Ako nag-atubili sa isang bagay na Ako ay gagawa nito gaya ng pag-aatubili Ko sa pagkuha sa kaluluwa ng lingkod Kong mananampalataya habang nasusuklam siya sa kamatayan at nasusuklam Ako sa paggawa ng**

**masagwa sa kanya samantalang walang pagkaiwas para sa kanya mula roon."}**

Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy.

26. Ayon kay Abū Hurayrah: {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan ay nagsabi):

**Bumababa ang Panginoon natin (napakamapagpala Siya at napakataas} bawat gabi sa langit ng Mundo kapag natitira ang huling isang katlo ng gabi, na nagsasabi: "Sino ang dumalangin sa Akin para tumugon Ako sa kanya, sino ang humihiling sa Akin para magbigay Ako sa kanya, at sino ang humihingi ng tawad sa Akin para magpatawad Ako sa kanya?"}**

Napagkaisahan ang katumpakan.

27. Ayon kay Abū Mūsā Al-Ash`arīy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

**"May dalawang harding yari sa ginto ang mga sisidlan ng dalawang ito at ang nasa dalawang ito. May dalawang harding yari sa pilak ang mga sisidlan ng dalawang ito at ang nasa dalawang ito. Walang nasa pagitan ng mga tao at ng pagtingin nila sa Panginoon nila maliban sa balabal ng pagkamakapagmamalaki sa mukha Niya sa Paraiso ng Eden."**

Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy.

# Ang paksa ng sabi ni Allāh (napakataas Siya): {Hanggang sa nang naalisan ng hilakbot sa mga puso nila ay nagsabi sila: "Ano ang sinabi ng Panginoon ninyo?" Nagsabi sila: "Ang katotohanan." Siya ay ang Mataas, ang Malaki.} (Qur'ān 34:23)

28. Ayon kay Ibnu `Abbās (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {May nagsanaysay sa akin na isang lalaking kabilang mga Kasamahan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kabilang sa mga Tagaadya, na habang sila ay nakaupo isang gabi kasama ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) biglang may bumato ng isang bituin saka nagliwanag ito, kaya nagsabi siya:

**"Ano ang sinasabi ninyo noon kapag bumato ng tulad nito?"**

**Nagsabi sila: "Kami noon ay nagsasabi na may ipinanganak ngayong gabi na isang dakila o may namatay na isang dakila."**

**Kaya nagsabi siya: "Tunay na iyon ay hindi ibinato dahil sa pagkamatay ng isa ni dahil sa buhay nito subalit ang Panginoon natin (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan), kapag nagpasya ng isang bagay, ay nagluluwalhati ang mga tagapasan ng trono hanggang sa magluwalhati ang mga naninirahan sa langit na nakakatabi nila hanggang sa umabot ang pagluluwalhati sa mga naninirahan sa pinakamababang langit saka magsasabi ang mga nakakatabi ng mga tagapasan ng trono: 'Ano ang sinabi ng Panginoon ninyo?' Kaya magbabalita sila sa mga ito kung ano ang**

**sinabi Niya, saka makikibalita ang mga naninirahan sa mga langit sa isa't isa sa mga ito hanggang sa umabot ang balita sa mga naninirahan sa pinakamababang langit, saka hahablot ang mga jinn ng pagdinig, saka magpupukol sila nito sa mga katangkilik nila. Kaya ang anumang inihatid nila ayon sa katumpakan nito, iyon ang totoo, subalit sila ay nagsisinungaling at nagdaragdag."}**

Nagsalaysay nito sina Imām Muslim, Imām At-Tirmidhīy, at Imām An-Nasā'īy.

29. Ayon kay An-Nawwās bin Sam`ān (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

**"Kapag nagnais si Allāh na magkasi ng utos, nagsasalita Siya sa pamamagitan ng pagkakasi, habang dinadaklot ang mga langit dahil doon ng isang pagyanig," o nagsabi siya: "ng isang matinding pag-alog dala ng pangamba kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan). Kaya kapag nakarinig niyon ang mga naninirahan sa mga langit, hinihimatay sila," o nagsabi siya: "humahandusay sila kay Allāh na mga nakapatirapa, saka ang una sa mag-aangat ng ulo nito ay si Gabriel (sumakanya ang pangangalaga) saka kakausap dito si Allāh mula sa kasi Niya ng anumang ninais Niya. Pagkatapos daraan si Gabriel sa mga anghel, na sa tuwing napaparaan siya sa isang langit ay nagtatanong sa kanya ang mga anghel nito: 'Ano ang sinabi ng Panginoon natin, O Gabriel?' Kaya nagsasabi naman si Gabriel: 'Nagsabi Siya ng katotohanan at Siya ay ang Mataas, ang Malaki.' Kaya magsasabi sila sa kabuuan nila ng tulad ng sinabi ni Gabriel, saka maghahatid si Gabriel ng kasi tungo sa kung saan nag-utos sa kanya si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan)."}**

Nagsalaysay nito sina Imām Ibnu Jarīr, Imām Ibnu Khuzaymah, Imām Aṭ-Ṭabarānīy, at Imām Ibnu Abī Ḥātim, na ang pananalita ay sa kanya.

## Ang paksa ng sabi ni Allāh (napakataas Siya): {Hindi sila nagpahalaga kay Allāh nang totoong pagpapahalaga sa Kanya samantalang ang lupa ay lahatang isang dakot Niya sa Araw ng Pagbangon at ang mga langit ay mga nakatupi sa kanang kamay Niya. Kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya higit sa anumang itinatambal nila sa Kanya.} (Qur'ān 39:67)

30. Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Narinig ko ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi:

**{Dadakutin ni Allāh ang lupa at tutupiin Niya ang langit sa kanang kamay Niya. Pagkatapos magsasabi Siya: "Ako ay ang Hari; nasaan ang mga hari ng lupa?"}** Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy.

31. Batay kay Imām Al-Bukhārīy, ayon kay Ibnu `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa), ayon sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) nagsabi: **{Tunay na si Allāh ay dadakot sa Araw ng Pagbangon ng mga lupa. Ang mga langit ay magiging nasa kanang kamay Niya. Pagkatapos magsasabi Siya: "Ako ay ang Hari."}**

32. Sa isang salaysay ayon sa kanya:

**وَمَا قَدَرُوا اللَّهَ حَقَّ قَدْرِهِ وَالْأَرْضُ جَمِيعًا قَبْضَتُهُ يَوْمَ الْقِيَامَةِ وَالسَّمَاوَاتُ مَطْوِيَّاتٌ بِيَمِينِهِ سُبْحَانَهُ وَتَعَالَى عَمَّا يُشْرِكُونَ**

**{Tunay na ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay bumigkas ng talatang ito (Qur'ān 39:67)** isang araw sa pulpito: **{Hindi sila nagpahalaga kay Allāh nang totoong pagpapahalaga sa Kanya samantalang ang lupa ay lahatang isang dakot Niya sa Araw ng Pagbangon at ang mga langit ay mga nakatupi sa kanang kamay Niya. Kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya higit sa anumang itinatambal nila sa Kanya.}} Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsasabi ng ganito habang sa kamay niya ay nagpapagalaw siya, na nagsusulong nito at nag-uurong: {Magpaparingal ang Panginoon sa sarili Niya, [na nagsasabi]: "Ako ay ang Palasupil, Ako ay ang Nakapagmamalaki, Ako ay ang Hari, Ako ay ang Makapangyarihan, Ako ay ang Mapagbigay." Kaya yumanig sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ang pulpito hanggang sa nagsabi kami na talagang magbubuwal nga ito sa kanya.}**

Nagsalaysay nito si Imām Aḥmad.

33. Nagsalaysay nito si Imām Muslim ayon kay `Ubaydullāh bin Maqsam na siya ay tumingin kay `Abdullāh bin `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) kung papaano siyang nagkukuwento

tungkol sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Nagsabi siya:

**{Dadaklot si Allāh sa mga langit Niya at mga lupa Niya sa mga kamay Niya, saka magkukuyom ng mga ito, saka magsasabi: "Ako ay ang Hari." Magkukuyom Siya ng mga daliri Niya at magbubuka Siya ng mga ito saka magsasabi: "Ako ay ang Hari." Hanggang sa napatingin ako sa pulpito habang may gumagalaw-galaw mula sa ibaba na isang bagay mula rito, hanggang sa tunay na ako ay talagang nagsasabi: "Magbababagsak ba ito sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)?"}**

34. Nasaad sa Dalawang Ṣaḥīḥ ayon kay `Imrān bin Ḥuṣayn (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

**"Tanggapin ninyo ang nakagagalak na balita, O mga anak ni Tamīm."**

**Nagsabi sila: "Nagbalita ka nga ng nakagagalak sa amin kaya magbigay ka sa amin."**

**Nagsabi siya: "Tanggapin ninyo ang nakagagalak na balita, O mga mamamayan ng Yemen."**

**Nagsabi sila: "Tumanggap nga kami kaya magpabatid ka sa amin tungkol sa una sa bagay na ito."**

**Nagsabi siya: "Laging si Allāh ay bago ng bawat bagay. Ang trono Niya ay nasa ibabaw ng tubig. Nagtala Siya sa Tablerong Pinag-iingatan ng pagbanggit ng bawat bagay."**

**Nagsabi siya: "Saka may pumuna sa akin na isang pumunta saka nagsabi ito: 'O `Imran! Nakalag ang babaing kamelyo mo mula sa panggapos nito.'"**

**Nagsabi ito: "Pumunta ako sa bakas nito ngunit hindi ako nababatid sa nangyari matapos ko."}**

**35. Ayon kay Jubayr bin Muḥammad bin Jubayr bin Muṭ`im ayon sa ama nito ayon sa lolo nito, na nagsabi: {May dumating na isang Arabeng disyerto sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nagsabi ito: "O Sugo ni Allāh! Napagal ang mga tao, napahamak ang mga alagain, nalanta ang mga pananim, at nasawi ang mga hayupan. Kaya humiling ka ng ulan para sa amin sa Panginoon mo sapagkat tunay na kami ay nagpapamagitan sa iyo kay Allāh at kay Allāh sa iyo."**

**Kaya nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):**

**"Kawawa ka naman; nakababatid ka ba kung ano ang sinasabi mo?" Nagluwalhati ang Sugo ni Allāh saka hindi tumigil na nagluluwalhati hanggang sa nalaman iyon sa mga mukha ng mga Kasamahan niya. Pagkatapos nagsabi siya: "Kawawa ka naman; tunay na hindi nagpapamagitan kay Allāh sa isa sa nilikha Niya. Ang pumapatungkol kay Allāh ay higit na dakila kaysa riyan. Kawawa ka naman; nakababatid ka ba kung ano si Allāh? Tunay na ang trono Niya sa mga langit Niya ay talagang ganito." Sumenyas siya ng mga daliri niya ng tulad ng kupola sa ibabaw niya: "Tunay na ito ay talagang lumalangitngit dahil doon gaya ng langitngit ng sintader dahil sa nakasakay."}**

Nagsalaysay nito sina Imām Aḥmad at Imām Abū Dāwud.

36. Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

Nagsabi si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan): **"Nagpasinungaling sa Akin ang anak ni Adan gayong hindi naging ukol sa kanya iyon at nanlait siya sa Akin gayong hindi naging ukol sa kanya iyon. Hinggil sa pagpapasinungaling niya sa Akin, [ito] ay ang sabi Niya: 'Hindi Siya magpapanumbalik sa akin kung paanong nagpasimula Siya sa akin,' samantalang ang unang paglikha ay hindi higit na magaan sa Akin kaysa sa pagpapanumbalik sa kanya. Hinggil naman sa panlalait niya sa Akin, [ito] ay ang sabi niya: 'Gumawa si Allāh ng anak,' samantalang Ako ay ang Kaisa-isa, ang Dulugan, na hindi nagkaanak at hindi ipinanganak at hindi nagkaroon ng isang kapantay na isa man."}**

37. Sa isang salaysay ayon kay Ibnu `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa):

**"Hinggil naman sa panlalait niya sa Akin, [ito] ay ang sabi niya: 'Mayroon Akong anak,' samantalang kaluwalhatian sa Akin para gumawa pa Ako ng asawa o anak."**

Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy.

38. Batay sa kanilang dalawa, ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya): **"Nananakit sa Akin ang anak ni Adan habang inaalipusta niya ang panahon samantalang Ako ay ang Panahon; nasa kamay Ko ang kautusan, nagpapasalitan Ako ng gabi at maghapon."**}

# Ang Paksa ng Pananampalataya sa Pagtatakda

Ang sabi ni Allāh (napakataas Siya):

إِنَّ الَّذِينَ سَبَقَتْ لَهُمْ مِنَّا الْحُسْنَى أُولَئِكَ عَنْهَا مُبْعَدُونَ

**{Tunay na ang mga nauna para sa kanila mula sa Amin ang pinakamaganda; ang mga iyon buhat dito ay mga palalayuin.} (Qur'ān 21:101)** Ang sabi pa Niya (napakataas Siya):

مَا كَانَ عَلَى النَّبِيِّ مِنْ حَرَجٍ فِيمَا فَرَضَ اللَّهُ لَهُ سُنَّةَ اللَّهِ فِي الَّذِينَ خَلَوْا مِنْ قَبْلُ وَكَانَ أَمْرُ اللَّهِ قَدَرًا مَقْدُورًا

**{Laging ang kautusan ni Allāh ay isang pagtatakdang itinakda.} (Qur'ān 33:38)** Ang sabi pa Niya (napakataas Siya):

وَاللَّهُ خَلَقَكُمْ وَمَا تَعْمَلُونَ

**{...samantalang si Allāh ay lumikha sa inyo at sa ginagawa ninyo?} (Qur'ān 37:96)** Ang sabi pa Niya (napakataas Siya):

إِنَّا كُلَّ شَيْءٍ خَلَقْنَاهُ بِقَدَرٍ

**{Tunay na Kami sa bawat bagay ay lumikha ayon sa isang takda.} (Qur'ān 54:49)**

39. Nasaad sa Ṣaḥīḥ Muslim ayon kay `Abdullāh bin `Amr bin Al-`Āṣṣ (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

**"Tunay na si Allāh ay nagtakda ng mga itinakda sa mga nilikha limāmpung libong taon bago Siya lumikha ng mga langit at lupa." Nagsabi Siya na ang trono Niya ay nasa ibabaw ng tubig.}**

40. Ayon kay `Alīy bin Abī Ṭālib (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

**"Walang kabilang sa inyo na isa man malibang naitakda na ang luklukan niya mula sa Impiyerno [sana] at ang luklukan niya mula sa Paraiso [sana]." Nagsabi sila: "O Sugo ni Allāh, kaya hindi ba kami sasalig sa pagtatakda sa amin at mag-iiwan kami ng paggawa?" Nagsabi siya:**

**"Gumawa kayo sapagkat ang bawat isa ay pinadali sa [luklukan na] nilikha para sa kanya. Hinggil sa sinumang kabilang sa mga karapat-dapat sa kaligayahan, padadaliin siya sa gawain ng mga karapat-dapat sa kaligayahan. Hinggil naman sa sinumang kabilang sa mga karapat-dapat sa kalumbayan, padadaliin siya sa gawain ng mga karapat-dapat sa kalumbayan." Pagkatapos bumigkas siya:**

**فَأَمَّا مَنْ أَعْطَى وَاتَّقَى (5) وَصَدَّقَ بِالْحُسْنَى (6) فَسَنُيَسِّرُهُ لِلْيُسْرَى (7) وَأَمَّا مَنْ بَخِلَ وَاسْتَغْنَى**

**{5. Kaya hinggil naman sa sinumang nagbigay at nangilag magkasala 6. at nagpatotoo sa pinakamaganda, 7. magpapadali Kami sa kanya para sa pinakamadali;}} (Qur'ān 92:5-7)**

Napagkaisahan ang katumpakan.

41. Ayon kay Muslim bin Yasār Al-Juhanīy na nagsabi: **{Tinanong si `Umar bin Al-Khaṭṭāb (malugod si Allāh sa kanya) tungkol sa talatang ito:**

**وَإِذْ أَخَذَ رَبُّكَ مِنْ بَنِي آدَمَ مِنْ ظُهُورِهِمْ ذُرِّيَّتَهُمْ وَأَشْهَدَهُمْ عَلَى أَنْفُسِهِمْ أَلَسْتُ بِرَبِّكُمْ قَالُوا بَلَى شَهِدْنَا أَنْ تَقُولُوا يَوْمَ الْقِيَامَةِ إِنَّا كُنَّا عَنْ هَذَا غَافِلِينَ**

**{[Banggitin] noong nagpaluwal ang Panginoon mo mula sa mga anak ni Adan mula sa mga likod nila ng mga supling nila...} (Qur'ān**

**7:172) Kaya naman nagsabi si `Umar (malugod si Allāh sa kanya): Narinig ko ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na tinanong tungkol diyan kaya nagsabi siya:**

**"Tunay na si Allāh ay lumikha kay Adan. Pagkatapos pumahid Siya sa likod nito ng kanang kamay Niya saka humango Siya mula rito ng mga supling saka nagsabi:**

**'Lumikha Ako ng mga ito para sa Paraiso at ayon sa gawain ng mga maninirahan sa Paraiso gagawa sila.' Pagkatapos pumahid Siya sa likod nito saka humango Siya mula rito ng mga supling saka nagsabi: 'Lumikha ako ng mga ito para sa Impiyerno at ayon sa gawain ng mga maninirahan sa Impiyerno gagawa sila.'" Kaya may nagsabing isang lalaki: "O Sugo ni Allāh, kaya para sa ano pa ang gawain?"**

**Kaya nagsabi siya: "Tunay na si Allāh, nang lumikha Siya ng tao para sa Paraiso, ay gumamit nito ayon sa gawain ng mga maninirahan sa Paraiso hanggang sa mamatay ito sa isang gawain kabilang sa mga gawain ng mga maninirahan sa Paraiso para magpapasok Siya rito dahil doon sa Paraiso; at nang lumikha Siya ng tao para sa Impiyerno, ay gumamit nito ayon sa gawain ng mga maninirahan sa Impiyerno hanggang sa mamatay ito sa isang gawain kabilang sa mga gawain ng mga maninirahan sa Impiyerno para magpapasok Siya rito sa Impiyerno."}**

Nagsalaysay nito si Imām Mālik at si Imām Al-Ḥakim, na nagsabing ayon sa kundisyon ni Imām Muslim ito.

Nagsalaysay nito si Imām Abū Dāwud mula sa ibang aspeto ayon kay Muslim bin Yasār ayon kay Nu`aym bin Rabī`ah ayon kay `Umar.

42.Nagsabi si Isḥāq bin Rāhawayhi: Nagsanaysay sa amin si Baqīyah bin Al-Walīd, na nagsabi: Nagpabatid sa akin si Az-Zubaydīy

bin Muḥammad bin Al-Walīd ayon kay Rāshid bin Sa`d ayon kay `Abdurraḥmān bin Abī Qatādah ayon sa ama nito ayon kay Hishām bin Ḥakīm bin Ḥizām: **{Na may isang lalaking nagsabi: "O Sugo ni Allāh, sinisimulan ba ang mga gawain o naitadhana na ang tadhana?" Kaya nagsabi siya:**

**"Tunay na si Allāh, noong nagpalabas Siya ng mga supling ni Adan mula sa likod nito, ay nagpasaksi sa kanila sa mga sarili nila. Pagkatapos nagbuhos Siya sa kanila sa mga palad Niya saka nagsabi: 'Ang mga ito ay para sa Paraiso at ang mga ito ay para sa Impiyerno sapagkat ang mga maninirahan sa paraiso ay mga pinadali para sa gawain ng mga maninirahan sa Paraiso at ang mga maninirahan sa Impiyerno ay mga pinadali para sa gawain ng mga maninirahan sa Impiyerno.'"}**

43. Ayon kay `Abdullāh bin Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsanaysay sa amin ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at siya ay ang tapat at ang pinagtatapatan:

**"Tunay na ang [bawat] isa sa inyo ay tinitipon ang paglikha sa kanya sa tiyan ng ina niya sa apatnapung araw bilang isang patak. Pagkatapos ito ay nagiging isang malalinta sa tulad [ng yugtong] iyon. Pagkatapos ito ay nagiging isang kimpal na laman sa tulad [ng yugtong] iyon. Pagkatapos nagpapadala si Allāh sa kanya ng isang anghel kalakip ng apat na katakdaan saka magtatala ito ng [magiging] gawain niya, taning niya, panustos niya, at [kung siya ay magiging] malumbay o maligaya. Pagkatapos iihip ito sa kanya ng kaluluwa. Kaya sumpa man sa Kanya na walang Diyos na iba pa sa Kanya, tunay na ang isa sa inyo ay talagang gumagawa ayon sa gawain ng mga maninirahan sa Paraiso hanggang sa walang maging nasa pagitan niya at niyon kundi isang siko, saka makauuna sa kanya ang naitala, kaya gagawa siya ayon sa gawain**

**ng mga maninirahan sa Impiyerno, kaya papasok siya roon; at tunay na ang isa sa inyo ay talagang gumagawa ayon sa gawain ng mga maninirahan sa Impiyerno hanggang sa walang maging nasa pagitan niya at niyon kundi isang siko, saka makauuna sa kanya ang naitala, kaya gagawa siya ayon sa gawain ng mga maninirahan sa Paraiso, kaya papasok siya roon."}**

Napagkaisahan ang katumpakan.

44. Ayon kay Ḥudhayfah bin Usayd (malugod si Allāh sa kanya) na nagpapaabot mula sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi:

**{Pumapasok ang anghel sa patak matapos tumigil ito sa sinapupunan nang apatnapu o apanapu't limang gabi saka magsasabi ito: "O Panginoon, malumbay ba [siya] o maligaya?" Saka isusulat ang dalawa, saka magsasabi ito: "O Panginoon, lalaki ba [siya] o babae?" Saka isusulat ang dalawa. Isusulat ang gawa niya, ang bakas niya, ang taning niya, at ang panustos niya. Pagkatapos tutupiin ang mga kalatas kaya hindi nakadaragdag sa mga ito at hindi nakababawas.}**

Nagsalaysay nito si Imām Muslim.

45. Nasaad sa Ṣaḥīḥ Muslim ayon kay `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi:

**{Inanyayahan ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa isang libing ng isang paslit kabilang sa mga Tagaadya, kaya nagsabi ako: "Kagalakan ay ukol sa kanya, isang maya kabilang sa mga maya ng Paraiso, na hindi nakagawa ng isang kasagwaan at hindi ito umabot sa kanya." Kaya nagsabi naman siya:**

**"At ang iba ba riyan [ay nangyari], O `Ā'ishah? Tunay na si Allāh ay lumikha para sa Paraiso ng mga maninirahan na nilikha Niya para roon samantalang sila ay nasa mga gulugod ng mga ama nila at lumikha para sa Impiyerno ng mga maninirahan na nilikha Niya para roon samantalang sila ay nasa mga gulugod pa ng mga ama nila."}**

46. Ayon kay Ibnu `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)**: "Ang bawat bagay ay ayon sa isang takda, pati na ang kawalang-kakayahan at ang kahusayan."**}

Nagsalaysay nito si Imām Muslim.

47. Ayon kay Qatādah (malugod si Allāh sa kanya) hinggil sa sabi Niya (napakataas Siya):

تَنَزَّلُ الْمَلَائِكَةُ وَالرُّوحُ فِيهَا بِإِذْنِ رَبِّهِمْ مِنْ كُلِّ أَمْرٍ

**{Nagbababaan ang mga Anghel at ang Espiritu rito ayon sa pahintulot ng Panginoon Nila kalakip ng bawat utos.} (Qur'ān 97:4)** Nagsabi siya: "Itatadhana dito ang mangyayari sa isang taon hanggang sa tulad nito."

Nagsalaysay nito sina `Abdurrazāq at Ibnu Jarīr.

Naisalaysay nga ang [tulad sa] kahulugan niyon ayon kina Ibnu `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa), Al-Ḥasan, Abī `Abdirraḥmān As-Sulamīy, Sa`īd bin Jubayr, at Muqātil.

48. Ayon kay Ibnu `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: **{Tunay na si Allāh ay lumikha ng tablerong pinag-iingatan mula sa isang puting mutya. Ang dalawang panakip nito ay yari sa pulang rubi. Ang panulat nito ay liwanag. Ang talaan nito ay liwanag. Ang luwang ay ang [layo] sa pagitan ng langit at lupa.**

**May tumitingin dito sa bawat araw na tatlong daan at animnapung tingin, saka sa bawat tingin mula sa mga ito ay lumilikha Siya, nagtutustos Siya, nagbibigay-buhay Siya, nagbibigay-kamatayan Siya, nagpaparangal Siya, nang-aaba Siya, at gumagawa Siya ng anumang niloloob Niya sapagkat iyon ang sabi Niya** – napakataas Siya:

**يَسْأَلُهُ مَنْ فِي السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضِ كُلَّ يَوْمٍ هُوَ فِي شَأْنٍ**

**{sa bawat araw Siya ay nasa isang pumapatungkol.}} (Qur'ān 55:29)**

Nagsalaysay nito sina `Abdurrazzāq, Ibnu Al-Mundhir, Aṭ-Ṭabarānīy, at Al-Ḥākim.

Nagsabi si Ibnu Al-Qayyim – kaawaan siya ni Allāh (napakataas Siya) – noong bumanggit siya sa mga ḥadīth na ito at sa nasaad sa kahulugan ng mga ito:

"Kaya ito ay isang pagtatakdang pang-araw. Ang bago nito ay isang pagtatakdang pantaon. Ang bago nito ay isang pagtatakdang pantanang-buhay sa sandali ng pagkapit ng kaluluwa rito. Ang bago nito gayon din ay sa sandali ng kauna-unahang pagbuo rito at pagiging kimpal na laman nito. Ang bago nito ay isang pagtatakdang nauna sa kairalan nito subalit bago ng pagkalikha ng mga langit at lupa. Ang bago nito ay isang pagtatakdang nauna sa pagkalikha ng mga langit at lupa nang limāmpung libong taon. Ang bawat isa mula sa mga pagtatakdang ito ay gaya ng pagdedetalye mula sa naunang pagtatakda.

Sa nasaad doon ay may isang patunay sa kalubusan ng kaalaman ng Panginoon, kakayahan Niya, karunungan Niya, at karagdagan sa pagpapakilala Niya sa mga anghel at mga mananampalatayang lingkod Niya sa pamamagitan ng sarili Niya at mga pangalan Niya."

Pagkatapos nagsabi siya: "Nagkasang-ayon ang mga ḥadīth na ito at ang mga kaparehas nito na ang naunang pagtatakda ay hindi pumipigil sa paggawa at hindi nag-oobliga ng pagsalig doon; bagkus nag-oobliga ito ng pagseseryoso at pagsisipag.

Dahil dito, noong nakarinig niyon ang isa sa mga Kasamahan, nagsabi ito: 'Hindi ako dati higit na matindi sa pagsisipag kaysa sa akin ngayon.'

Nagsabi naman si Abū `Uthmān An-Nahdīy kay Salmān: 'Talagang ako, sa kauna-unahan sa bagay na ito, ay higit na matindi sa tuwa kaysa sa akin sa kahuli-hulihan dito.'

Iyon ay dahil kapag may nauna na sa kanya mula kay Allāh na isang naunang pangyayari at inihanda siya at pinadali siya para sa pagdating doon, ang pagkatuwa niya sa naunang pangyayari na nauna sa kanya mula kay Allāh ay higit na dakila kaysa sa pagkatuwa niya sa mga kadahilanan na darating matapos niyon."

49. Ayon kay Al-Walīd bin `Ubādah na nagsabi: **"Pumasok ako sa kinaroroonan ng ama ko samantalang siya ay maysakit, habang gumuguniguni ako sa kanya ng kamatayan. Kaya nagsabi ako sa kanya: 'O ama ko, magtagubilin ka sa akin at magtiyaga ka sa akin.' Kaya nagsabi siya: 'Paupuin ninyo ako.' Kaya noon napaupo nila siya, nagsabi siya: 'O anak ko, tunay na ikaw ay hindi makatatagpo sa lasa ng pananampalataya at hindi ka makaaabot sa reyalidad ng kaalaman kay Allāh – napakamapagpala Siya at napakataas – hanggang sa sumampalataya ka sa pagtatakda: sa mabuti nito at masama nito.' Nagsabi ako: 'Ama ko, at papaano para sa akin na malaman ko ang mabuti ng pagtatakda at ang masama nito?' Nagsabi siya: 'Malalaman mo na ang nagmintis sa iyo ay hindi nangyari upang tumama sa iyo at ang tumama sa iyo ay hindi nangyari upang magmintis sa iyo. O anak ko, tunay na ako ay**

**nakarinig sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi:**

**{Ang unang nilikha ni Allāh ay ang panulat. Nagsabi Siya: "Magsulat ka." Kaya nagtala ito sa oras na iyon ng mangyayari hanggang sa Araw ng Pagbangon...} 'O anak ko, kung namatay ka at hindi ka nasa gayon, papasok ka sa Impiyerno.'"**

Nagsalaysay nito si Imām Aḥmad.

**50. Ayon kay Abū Khizāmah ayon sa ama nito (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ako: "O Sugo ni Allāh, nagsaalang-alang ka ba sa isang orasyon na ipinang-oorasyon namin, isang gamot na ipinanggagamot namin, at isang pangingilag na ipinangingilag namin? Makapipigil kaya ito ng anuman sa pagkakatakda ni Allāh?"**

**Nagsabi siya: "Iyan ay bahagi ng pagkakatakda ni Allāh."**

Nagsalaysay nito sina Imām Aḥmad at Imām At-Timidhīy, na nagpahayag ng kagandahan nito.

51. Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

**"Ang mananampalatayang malakas ay higit na mainam at higit na kaibig-ibig kay Allāh kaysa sa mananampalatayang mahina. Sa bawat isa ay may kabutihan. Magsigasig ka sa magpapakinabang sa iyo, magpatulong ka kay Allāh, at huwag kang panghinaan. Kung may tumama sa iyo na anuman ay huwag mong sabihin: 'Kung sakaling ako ay gumawa ng ganito, naging ganito at ganito sana,' subalit sabihin mo: 'Nagtakda si Allāh at ang anumang niloob Niya ay ginawa Niya,' sapagkat tunay na [ang katagang] 'kung sakali' ay nagbubukas sa gawain ng demonyo."}**

Nagsalaysay nito si Imām Muslim.

# Ang Paksa ng Pagbanggit sa mga Anghel (Sumakanila ang Pangangalaga) at ang Pananampalataya sa Kanila

Ang sabi ni Allāh (napakataas Siya):

**لَيْسَ الْبِرَّ أَنْ تُوَلُّوا وُجُوهَكُمْ قِبَلَ الْمَشْرِقِ وَالْمَغْرِبِ وَلَكِنَّ الْبِرَّ مَنْ آمَنَ بِاللَّهِ وَالْيَوْمِ الْآخِرِ وَالْمَلَائِكَةِ وَالْكِتَابِ وَالنَّبِيِّينَ وَآتَى الْمَالَ عَلَى حُبِّهِ ذَوِي الْقُرْبَى وَالْيَتَامَى وَالْمَسَاكِينَ وَابْنَ السَّبِيلِ وَالسَّائِلِينَ وَفِي الرِّقَابِ وَأَقَامَ الصَّلَاةَ وَآتَى الزَّكَاةَ وَالْمُوفُونَ بِعَهْدِهِمْ إِذَا عَاهَدُوا وَالصَّابِرِينَ فِي الْبَأْسَاءِ وَالضَّرَّاءِ وَحِينَ الْبَأْسِ أُولَئِكَ الَّذِينَ صَدَقُوا وَأُولَئِكَ هُمُ الْمُتَّقُونَ**

**{Ang pagsasamabuting-loob ay hindi na magbaling kayo ng mga mukha ninyo sa harap ng silangan at kanluran, subalit ang pagsasamabuting-loob ay ang sinumang sumampalataya kay Allāh, sa Huling Araw, sa mga anghel, sa mga kasulatan, at sa mga propeta;} (Qur'ān 2:177)**

Ang sabi pa Niya (napakataas Siya):

**إِنَّ الَّذِينَ قَالُوا رَبُّنَا اللَّهُ ثُمَّ اسْتَقَامُوا تَتَنَزَّلُ عَلَيْهِمُ الْمَلَائِكَةُ أَلَّا تَخَافُوا وَلَا تَحْزَنُوا وَأَبْشِرُوا بِالْجَنَّةِ الَّتِي كُنْتُمْ تُوعَدُونَ**

**{Tunay na ang mga nagsabi: "Si Allāh ay ang Panginoon namin," pagkatapos nagpakatuwid, magbababaan sa kanila ang mga anghel na [magsasabi]: "Huwag kayong mangamba, huwag kayong malungkot, at magalak kayo sa Paraiso na sa inyo dati ay ipinangangako.} (Qur'ān 41:30)**

Ang sabi pa Niya (napakataas Siya):

**لَنْ يَسْتَنْكِفَ الْمَسِيحُ أَنْ يَكُونَ عَبْدًا لِلَّهِ وَلَا الْمَلَائِكَةُ الْمُقَرَّبُونَ وَمَنْ يَسْتَنْكِفْ عَنْ عِبَادَتِهِ وَيَسْتَكْبِرْ فَسَيَحْشُرُهُمْ إِلَيْهِ جَمِيعًا**

**{Hindi magmamata ang Kristo na siya ay maging isang lingkod ni Allāh, ni ang mga anghel na minamalapit [kay Allāh].} (Qur'ān 4:172)** Ang sabi pa Niya (napakataas Siya):

**وَلَهُ مَنْ فِي السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضِ وَمَنْ عِنْدَهُ لَا يَسْتَكْبِرُونَ عَنْ عِبَادَتِهِ وَلَا يَسْتَحْسِرُونَ (19) يُسَبِّحُونَ اللَّيْلَ وَالنَّهَارَ لَا يَفْتُرُونَ**

**{19. Sa Kanya ang sinumang nasa mga langit at lupa. Ang mga nasa piling Niya ay hindi nagmamalaki palayo sa pagsamba sa Kanya at hindi sila napapagal. 20. Nagluluwalhati sila sa araw at gabi nang hindi nananamlay.} (Qur'ān 21:19-20)** Ang sabi pa Niya (napakataas Siya):

**الْحَمْدُ لِلَّهِ فَاطِرِ السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضِ جَاعِلِ الْمَلَائِكَةِ رُسُلًا أُولِي أَجْنِحَةٍ مَثْنَى وَثُلَاثَ وَرُبَاعَ يَزِيدُ فِي الْخَلْقِ مَا يَشَاءُ إِنَّ اللَّهَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ**

**{Tagagawa sa mga anghel bilang mga sugo na may mga pakpak na dalawahan, tatluhan, at apatan} (Qur'ān 35:1)** Ang sabi pa Niya (napakataas Siya):

**الَّذِينَ يَحْمِلُونَ الْعَرْشَ وَمَنْ حَوْلَهُ يُسَبِّحُونَ بِحَمْدِ رَبِّهِمْ وَيُؤْمِنُونَ بِهِ وَيَسْتَغْفِرُونَ لِلَّذِينَ آمَنُوا رَبَّنَا وَسِعْتَ كُلَّ شَيْءٍ رَحْمَةً وَعِلْمًا فَاغْفِرْ لِلَّذِينَ تَابُوا وَاتَّبَعُوا سَبِيلَكَ وَقِهِمْ عَذَابَ الْجَحِيمِ**

**{Ang mga [anghel] na nagpapasan ng Trono at ang mga nasa paligid nito ay nagluluwalhati kalakip ng pagpupuri sa Panginoon nila, sumasampalataya sa Kanya, at humihingi ng tawad para sa mga sumampalataya,} (Qur'ān 40:7)**

52. Ayon kay `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

**"Nilikha ang mga anghel mula sa isang liwanag, nilikha ang mga jinn mula sa isang liyab ng apoy, at nilikha si Adan mula sa nilarawan sa inyo."}**

Nagsalaysay nito si Imām Muslim.

53. Napagtibay sa ilan sa mga ḥadīth ng pagpanik [sa langit] na siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay pinag-angatan ng Bahay na Dinadalaw-dalaw na nasa ikapitong langit – at sinabi ring sa ikaanim – sa antas ng Ka`bah sa lupa. Iyon ay katapat ng Ka`bah: ang kabanalan niyon sa langit ay gaya ng kabanalan ng Ka`bah sa lupa. Kapag ito ay pinapasok sa bawat araw ng pitumpung libong anghel, pagkatapos hindi sila nanunumbalik doon hanggang sa kahuli-hulihan sa kanila.

54. Ayon kay `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: **{Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Sa langit ay walang isang malalagyan ng isang paa malibang doon ay may isang anghel na nakapatirapa o isang anghel na nakatayo sapagkat iyon ang sabi ng mga anghel:**

**وَإِنَّا لَنَحْنُ الصَّافُّونَ (165) وَإِنَّا لَنَحْنُ الْمُسَبِّحُونَ**

**{165. Tunay na kami ay talagang kami ang mga nakahanay. 166. Tunay na kami ay talagang kami ang mga tagaluwalhati.}" (Qur'ān 37:165-166)}**

Nagsalaysay nito sina Muḥammad bin Naṣr, Ibnu Ḥātim, Ibnu Jarīr, at Abu Ash-Shaykh.

55. Nagsalaysay si Aṭ-Ṭabarānīy ayon Jābir bin `Abdillāh (malugod si Allāh sa kanilang dalawa), na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

**"Sa pitong langit ay walang isang malalagyan ng isang paa ni ng isang dangkal ni ng isang palad malibang doon ay may isang anghel na nakatayo o isang anghel na nakapatirapa o isang anghel na nakayukod. Kapag naging Araw ng Pagbangon, magsasabi silang lahat: 'Kaluwalhatian sa Iyo! Hindi kami sumamba sa Iyo nang totoong pagsamba sa Iyo maliban na kami ay hindi nagtambal sa Iyo ng anuman.'"}**

56. Ayon kay Jābir (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: **{Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Pinayagan para sa akin na magsanaysay ako tungkol sa isang anghel kabilang sa mga anghel ni Allāh kabilang sa mga tagapasan ng trono, na ang nasa pagitan ng lambi ng tainga niya hanggang sa balikat niya ay [layo ng] paglalakbay na pitong daang taon."}**

Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud at Imām Al-Bayhaqīy sa Al-Asmā’ wa Aṣ-Ṣifāt (Ang mga Pangalan at ang mga Katangian) at Aḍ-Ḍiyā’ Fī Al-Mukhtārah (Ang Tanglaw sa Pinili).

Kabilang sa mga pinuno nila si Anghel Gabriel (sumakanya ang pangangalaga), na inilarawan nga ni Allāh (napakataas Siya) sa pagkamapagkakatiwalaan, kagandahan ng asal, at lakas sapagkat nagsabi Siya (napakataas Siya):

هَذَا نَذِيرٌ مِنَ النُّذُرِ الْأُولَى

**{5. Nagturo sa kanya ang [anghel na] matindi ang lakas, 6. na may kapangyarihan saka tumindig sa tunay na anyo,} (Qur'ān 53:56)**

Bahagi ng katindihan ng lakas niya na siya ay umangat sa mga lungsod ng mga kababayan ni Lot (sumakanya ang pangangalaga). Ang mga iyon ay pitong lungsod kalakip ng mga nasa mga iyon na mga kalipunan, na malapit sa apat na raang libong tao, ng mga

kasama nila na mga hayupan at mga hayop, at ng taglay ng mga lungsod na iyon na mga lupain at mga gusali. Lulan sa gilid ng pakpak niya hanggang sa nakapaabot siya sa mga iyon sa mga ulap ng langit, hanggang sa nakarinig ang mga anghel ng kahol ng mga aso nila at tilaok ng mga tandang nila, pagkatapos nagpataob siya ng mga ito kaya naglagay siya ng mataas sa mga ito sa mababa sa mga ito.

Kaya ito ang matindi ang lakas.

Ang sabi Niya: Ang "may kapangyarihan" ay nangangahulugang: "may kaasalang maganda, karingalan, kaningningan, at lakas na matindi."

Nagsabi ng kahulugan nito si Ibnu `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa).

Nagsabi ang iba pa sa kanya: Ang "may kapangyarihan" ay nangangahulugang: "may lakas."

Nagsabi naman Siya (napakataas Siya) kaugnay sa katangian nito:

**إِنَّهُ لَقَوْلُ رَسُولٍ كَرِيمٍ (19) ذِي قُوَّةٍ عِنْدَ ذِي الْعَرْشِ مَكِينٍ (20) مُطَاعٍ ثَمَّ أَمِينٍ**

**{19. tunay na [ang Qur’ān na] ito ay talagang sinabi sa isang sugong marangal, 20. na may lakas sa ganang May-ari ng Trono, na mataas sa kalagayan, 21. na tinatalima, pagkatapos mapagkakatiwalaan.} (Qur'ān 81:19-21)** Nangangahulugan ito: Mayroon siyang lakas at kapangyarihan na matindi at mayroon siyang kalagayan at antas na mataas at angat sa ganang May Trono, ang {tinatalima, pagkatapos mapagkakatiwalaan}, na nanganghulugang: "tinatalima sa Pinakamataas na Konseho, mapagkakatiwalaang may dakilang pagkamapagkakatiwalaan." Dahil dito, siya ay ang embahador sa pagitan ni Allāh at ng mga sugo Niya.

57. Pumupunta nga siya noon sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa maraming kaanyuan. Nakakita nga sa kanya ang Sugo nang dalawang ulit sa kaanyuan niya na nilikha siya ni Allāh ayon doon. Mayroon siyang anim na raang pakpak.

Nagsalaysay niyon si Imām Al-Bukhārīy ayon kay Ibnu Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya).

58. Nagsalaysay si Imām Aḥmad, ayon kay `Abdullāh, na nagsabi: **{Nakakita ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kay [Anghel] Gabriel sa [tunay na] anyo niya. Mayroon siyang anim na raang pakpak, na ang bawat pakpak mula sa mga ito ay tumapal sa abot-tanaw, na may nalalaglag mula sa pakpak niya na mga panggayak, mga mutya, at mga rubi, na si Allāh hinggil dito ay maalam.}**

Ang isnād (kawing ng pagkasalaysay) nito ay malakas.

59. Ayon kay `Abdullāh bin Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: **"Nakakita ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kay [Anghel] Gabriel sa isang luntiang pananamit na pumuno nga ng nasa pagitan ng langit at lupa."**

Nagsalaysay nito si Imām Muslim.

60. Ayon kay `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi:

**"Nakakita ako kay [Anghel] Gabriel habang nakalapag, na pumuno nga siya sa pagitan ng silangan at kanluran, na nakasuot ng mga kasuutang manipis na sutla, na nakasabit sa mga ito ang mga perlas at ang mga rubi."}**

Nagsalaysay nito si Abu Ash-Shaykh.

61. Batay kay Ibnu Jarīr, ayon kay Ibnu `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: "Si Jibrā'īl ay alipin ni Allāh at si Mīkā'īl ay munting alipin ni Allāh. Ang bawat pangalan na may īl, ito ay alipin ni Allāh."

62. Batay kay Ibnu Jarīr, ayon kay `Alīy bin Al-Ḥusayn ang tulad niyon at nagdagdag ito ng: "Si Isrāfīl ay alipin ng Napakamaawain."

63. Nagsalaysay si Aṭ-Ṭabarānīy, ayon kay Ibnu `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa), na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

**"Hindi ba ako magpapabatid sa inyo hinggil sa pinakamainam sa mga anghel? Si Gabriel."}**

64. Ayon kay Abū `Imrān Al-Jawnīy: {Nakaabot sa kanya na si [Anghel] Gabriel ay pumunta sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) habang siya ay umiiyak kaya nagsabi sa kanya ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

**"Ano ang nagpapaiyak sa iyo?"**

Nagsabi siya: **"Bakit hindi ako iiyak gayong sumpa man kay Allāh, hindi ako natuyuan ng mata magmula ng nilikha ni Allāh ang Impiyerno, dala ng pangamba na makasuway ako sa Kanya kaya itatapon Niya ako roon."}**

Nagsalaysay nito si Imām Aḥmad sa Az-Zuhd.

65. Batay kay Al-Bukhārīy, ayon kay Ibnu `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kay Gabriel:

**"Bakit hindi ka dumadalaw sa amin nang higit kaysa pagdalaw mo sa amin?"**

Kaya bumaba [ang talatang]:

وَمَا نَتَنَزَّلُ إِلَّا بِأَمْرِ رَبِّكَ لَهُ مَا بَيْنَ أَيْدِينَا وَمَا خَلْفَنَا وَمَا بَيْنَ ذَلِكَ وَمَا كَانَ رَبُّكَ نَسِيًّا

**{Hindi kami nagbababaan kundi ayon sa utos ng Panginoon mo. Sa Kanya ang nasa pagitan ng mga kamay namin at ang nasa likuran namin...} (Qur'ān19:64)**

Kabilang sa mga pinuno nila si [Anghel] Mīkā’īl (sumakanya ang pangangalaga). Siya ay nakatalaga sa pagpapaulan at pagpapatubo.

66. Nagsalaysay si Imām Aḥmad, ayon kay Anas (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi kay [Anghel] Gabriel:

**"Bakit hindi ko nakita si [Anghel] Mīkā’īl na tumatawa kailanman?" Nagsabi siya: "Hindi tumawa si [Anghel] Mīkā’īl magmula ng nilikha ang Impiyerno."}**

Kabilang sa mga pinuno nila si [Anghel] Isrāfīl (sumakanya ang pangangalaga). Siya ay isa sa mga tagapasan ng trono at siya ay ang umiihip sa tambuli.

67. Nagsalaysay si Imām At-Tirmidhīy – at nagturing siya ng kagandahan ng [salaysay na] ito – at si Al-Ḥākim ayon kay Abū Sa`īd Al-Khudrīy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

**"Papaano akong magiginhawahan samantalang ang tagaihip sa sungay ay nakasubo na sa sungay, nagtuon na ng noo niya, at nagtutok na ng pagdinig niya habang naghihintay kung kailan siya uutusan para umihip?"**

**Nagsabi sila: "Kaya ano po ang sasabihin namin, O Sugo ni Allāh?"**

**Nagsabi siya: "Sabihin ninyo: Kasapatan sa amin si Allāh at kay inam ang Pinananaligan! Kay Allāh kami nanalig."}**

68. Ayon kay Ibnu `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): "Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi:

**"Tunay na may isang anghel kabilang sa mga tagapasan ng trono, na tinatawag na Isrāfīl, na may isang panulukan mula sa mga panulukan ng trono na nasa batok niya, na tumagos nga ang dalawang paa niya sa ikapitong pinakamababang mundo at tumagos naman ang ulo niya sa ikapitong pinakamataas na langit."}**

Nagsalaysay nito si Abu Ash-Shaykh at Abū Nu`aym sa Al-Ḥilyah.

69. Nagsalaysay si Abu Ash-Shaykh ayon kay Al-Awzā`īy na nagsabi: "Walang isa mula sa nilikha ni Allāh na higit na maganda sa tinig kaysa kay Isrāfīl sapagkat kapag nagsimula siya sa pagluluwalhati [kay Allāh], pumuputol ito sa mga naninirahan sa pitong langit ng dasal nila at pagluluwalhati nila."

Kabilang sa mga pinuno nila ang Anghel ng Kamatayan (sumakanya ang pangangalaga).

Hindi nagsaad nang tahasan ng pangalan niya sa Qur'ān ni sa mga tumpak na ḥadīth samantalang nasaad nga sa ilan sa mga ulat ang pagpapangalan sa kanya bilang `Azrā'īl kaya si Allāh ay higit na nakaaalam. Nagsabi nito si Ḥāfiḏh Ibnu Kathīr at nagsabi pa siya: "Tunay na sila, kaugnay sa inihanda Niya sa kanila, ay may mga uri.

Kabilang sa kanila ang mga tagapasan ng trono.

Kabilang sa kanila ang mga kerubin, na nasa paligid ng trono. Sila, kasama sa mga tagapasan ng trono, ay ang pinakamaharlika sa mga

anghel. Sila ay ang mga anghel na minamalapit [kay Allāh], gaya ng sinabi Niya (napakataas Siya):

**لَنْ يَسْتَنْكِفَ الْمَسِيحُ أَنْ يَكُونَ عَبْدًا لِلَّهِ وَلَا الْمَلَائِكَةُ الْمُقَرَّبُونَ وَمَنْ يَسْتَنْكِفْ عَنْ عِبَادَتِهِ وَيَسْتَكْبِرْ فَسَيَحْشُرُهُمْ إِلَيْهِ جَمِيعًا**

**{Hindi magmamata ang Kristo na siya ay maging isang lingkod ni Allāh, ni ang mga anghel na minamalapit [kay Allāh]...} (Qur'ān 4:172)** Kabilang sa kanila ang mga nakatira sa pitong langit habang pumupuno sa mga ito ng isang palagiang pagsamba sa gabi at maghapon, sa umaga at hapon, gaya ng sinabi Niya (napakataas Siya):

**يُسَبِّحُونَ اللَّيْلَ وَالنَّهَارَ لَا يَفْتُرُونَ**

**{Nagluluwalhati sila sa gabi at maghapon nang hindi nananamlay.} (Qur'ān 21:20)**

Kabilang sa kanila ang mga nagsusunuran papunta sa Bahay na Dinadalaw-dalaw.

Nagsabi ako: "Ang hayag ay na ang mga nagsusunuran papunta sa Bahay na Dinadalaw-dalaw ay ang mga nakatira sa mga langit."

Kabilang sa kanila ay mga nakatalaga sa mga paraiso, paglalaan ng mga pamparangal para sa mga maninirahan sa mga ito, at paghahanda sa pagtanggap ng panauhin ng mga nakatira sa mga ito gaya ng mga maisusuot, mga makakain, mga maiinom, mga masasandalan, mga matitirahan at iba pa roon kabilang sa mga bagay na walang matang nakakita, walang taingang nakarinig, at hindi sumagi sa puso ng tao.

Kabilang sa kanila ang mga nakatalaga sa Impiyerno – kupkupin tayo ni Allāh laban doon. Sila ay ang mga bantay ng Impiyerno. Ang mga pinanguna sa kanila ay labingsiyam. Ang tagatanod nito ay si

[Anghel] Mālik. Siya ay pinanguna sa mga tagatanod. Sila ay ang mga binanggit sa sabi Niya (napakataas Siya):

وَقَالَ الَّذِينَ فِي النَّارِ لِخَزَنَةِ جَهَنَّمَ ادْعُوا رَبَّكُمْ يُخَفِّفْ عَنَّا يَوْمًا مِنَ الْعَذَابِ

**{Magsasabi ang mga nasa apoy sa mga [anghel na] tagatanod ng Impiyerno: "Dumalangin kayo sa Panginoon ninyo na magpagaan Siya para sa amin ng isang araw mula sa pagdurusa."} (Qur'ān 40:49)** Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

وَنَادَوْا يَا مَالِكُ لِيَقْضِ عَلَيْنَا رَبُّكَ قَالَ إِنَّكُمْ مَاكِثُونَ

**{Mananawagan sila: "O Mālik, magpawakas sa amin ang Panginoon mo." Magsasabi siya: "Tunay na kayo ay mga mamamalagi."} (Qur'ān 43:77)** Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا قُوا أَنْفُسَكُمْ وَأَهْلِيكُمْ نَارًا وَقُودُهَا النَّاسُ وَالْحِجَارَةُ عَلَيْهَا مَلَائِكَةٌ غِلَاظٌ شِدَادٌ لَا يَعْصُونَ اللَّهَ مَا أَمَرَهُمْ وَيَفْعَلُونَ مَا يُؤْمَرُونَ

**{...na sa ibabaw nito ay may mga anghel na mababagsik na matitindi na hindi sumusuway kay Allāh sa anumang ipinag-utos Niya sa kanila at gumagawa sa anumang inuutos sa kanila.} (Qur'ān 66:6)** Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا قُوا أَنْفُسَكُمْ وَأَهْلِيكُمْ نَارًا وَقُودُهَا النَّاسُ وَالْحِجَارَةُ عَلَيْهَا مَلَائِكَةٌ غِلَاظٌ شِدَادٌ لَا يَعْصُونَ اللَّهَ مَا أَمَرَهُمْ وَيَفْعَلُونَ مَا يُؤْمَرُونَ

**{...sa ibabaw nito ay may labingsiyam na anghel. Hindi Kami naglagay ng mga tanod ng Apoy maliban ng mga anghel. Hindi Kami gumawa sa bilang nila malibang bilang pagsubok para sa mga tumangging sumampalataya upang makatiyak ang mga binigyan ng Kasulatan, madagdagan ang mga sumampalataya ng pananampalataya, at hindi mag-alinlangan ang mga binigyan ng Kasulatan at ang mga mananampalataya, at upang magsabi ang mga sa mga puso nila ay may sakit at ang mga tagatangging sumampalataya: "Ano ang ninais ni Allāh dito bilang**

**paghahalimbawa?" Gayon nagliligaw si Allāh sa sinumang niloloob Niya at nagpapatnubay sa sinumang niloloob Niya. Walang nakaaalam sa mga kawal ng Panginoon mo kundi Siya...} (Qur'ān 74:30-31)** Kabilang sa kanila ang mga nakatalaga sa pag-iingat sa mga anak ni Adan, gaya ng sinabi Niya (napakataas Siya):

**لَهُ مُعَقِّبَاتٌ مِنْ بَيْنِ يَدَيْهِ وَمِنْ خَلْفِهِ يَحْفَظُونَهُ مِنْ أَمْرِ اللَّهِ إِنَّ اللَّهَ لَا يُغَيِّرُ مَا بِقَوْمٍ حَتَّى يُغَيِّرُوا مَا بِأَنْفُسِهِمْ وَإِذَا أَرَادَ اللَّهُ بِقَوْمٍ سُوءًا فَلَا مَرَدَّ لَهُ وَمَا لَهُمْ مِنْ دُونِهِ مِنْ وَالٍ**

**{Para sa kanya ay may mga [anghel na] nagkakasunud-sunod mula sa harapan niya at mula sa likuran niya, na nag-iingat sa kanya ayon sa utos ni Allāh...} (Qur'ān 13:11)**

Nagsabi si Ibnu `Abbās: "May mga anghel na nag-iingat sa kanya mula sa harapan niya at mula sa likuran niya ngunit kapag dumating ang utos ni Allāh ay mag-iiwan sila sa kanya."

Nagsabi si Mujāhid: "Walang anumang tao malibang may isang anghel na nakatalaga sa pag-iingat sa pagkatulog niya at pagkagising niya laban sa jinn, tao, at mga salot. Kaya wala mula sa mga ito na anumang pupunta sa kanya, na nagnanais sa kanya [ng masama], malibang nagsasabi iyon rito: "Urong ka," maliban sa anumang pinayagan ni Allāh sa kanya kaya dadapo ito sa kanya."

Kabilang sa kanila ang mga nakatalaga sa pag-iingat sa mga gawain ng mga tao, gaya ng sinabi Niya (napakataas Siya):

**إِذْ يَتَلَقَّى الْمُتَلَقِّيَانِ عَنِ الْيَمِينِ وَعَنِ الشِّمَالِ قَعِيدٌ (17) مَا يَلْفِظُ مِنْ قَوْلٍ إِلَّا لَدَيْهِ رَقِيبٌ عَتِيدٌ**

**{17. [Banggitin] kapag tumatanggap ang dalawang [anghel na] tagatanggap sa gawing kanan at sa gawing kaliwa habang nakaupo. 18. Wala siyang binibigkas na anumang pagkakasabi malibang sa tabi niya ay may isang mapagmasid na nakalaang [magtala].} (Qur'ān 50:17-18)** Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

**وَإِنَّ عَلَيْكُمْ لَحَافِظِينَ (10) كِرَامًا كَاتِبِينَ (11) يَعْلَمُونَ مَا تَفْعَلُونَ**

**{10 Tunay na sa inyo ay talagang may mga tagapag-ingat, 11. na mararangal na mga tagasulat. 12. Nakaaalam sila sa anumang ginagawa ninyo.} (Qur'ān 82:10-12)**

70. Nagsalaysay si Al-Bazzār ayon kay Ibnu `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

**"Tunay na si Allāh ay sumasaway sa inyo laban sa pagkahubad kaya mahiya kayo sa mga anghel ni Allāh na kasama sa inyo, na mararangal na mga tagasulat, na hindi nakikipaghiwalay sa inyo maliban sa sandali ng tatlong kalagayan: sa pagdumi, pakikipagtalik, at paliligo. Kaya kapag naligo ang [bawat] isa sa inyo sa labas ay magtakip siya sa pamamagitan ng damit niya o sa pamamagitan ng isang bahagi ng pader o sa pamamagitan ng iba pa rito."**

Nagsabi nito si Ḥāfiḏh Ibnu Kathīr: "Ang kahulugan ng pagpaparangal [sa mga anghel] ay ang mahiya sa kanila, kaya hindi magdidikta sa kanila ng mga pangit na gawain na isinusulat nila sapagkat tunay na si Allāh ay lumikha sa kanila na mararangal sa kaanyuan nila at mga kaasalan nila."

Pagkatapos nagsabi pa siya, na ang kahulugan ay: "Tunay na bahagi ng pagkamarangal nila na sila ay hindi pumapasok sa isang bahay na sa loob nito ay may aso ni may larawan ni may junub ni may rebulto, at hindi sumasama sa mga kasabayang may kasamang aso o kuliling."

71. Nagsalaysay sina Imām Mālik, Imām Al-Bukhārīy, at Imām Muslim, ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi:

**"May nagsusunuran [sa pagbaba] sa inyo na mga anghel sa gabi at mga anghel sa maghapon at nagtitipon sila sa dasal sa fajr at dasal sa `aṣr. Pagkatapos pumapanik sa Kanya ang mga**

**nagpamagdamag sa inyo saka nagtatanong Siya sa kanila gayong Siya ay pinakamaalam: 'Papaano kayong umiwan sa mga lingkod Ko?' Kaya magsasabi sila: 'Umiwan kami sa kanila habang sila ay nagdarasal at pumunta kami sa kanila habang sila ay nagdarasal."}**

72. Sa isang salaysay na si Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) ay nagsabi:

**أَقِمِ الصَّلَاةَ لِدُلُوكِ الشَّمْسِ إِلَى غَسَقِ اللَّيْلِ وَقُرْآنَ الْفَجْرِ إِنَّ قُرْآنَ الْفَجْرِ كَانَ مَشْهُودًا**

**{Bigkasin ninyo, kung niloob ninyo: {...tunay na ang [pagbigkas ng] Qur'ān sa madaling-araw ay laging sinasaksihan [ng mga anghel].}} Qur'ān 17:78)**

73. Nagsalaysay sina Imām Aḥmad at Imām Muslim ng ḥadīth:

**{Walang nagtitipong mga tao sa isang bahay kabilang sa mga bahay ni Allāh, na bumibigkas ng Aklat ni Allāh at nag-aaralan nito sa pagitan nila, malibang bumababa sa kanila ang kapanatagan, bumabalot sa kanila ang awa, pumapaligid sa kanila ang mga anghel, at bumabanggit sa kanila si Allāh sa sinumang nasa piling Niya. Ang sinumang nagpabagal sa kanya ang gawa niya ay hindi magpapabilis sa kanya ang kaangkanan niya.}**

74. Sa Al-Musnad at As-Sunan ay may ḥadīth:

**{Tunay na ang mga anghel ay talagang nagbababa ng mga pakpak nila para sa tagapaghanap ng kaalaman dala ng pagkalugod sa ginagawa niya.}**

Ang mga ḥadīth kaugnay sa pagbanggit sa kanila (sumakanila ang pangangalaga) ay lubhang marami.

# Ang Paksa ng Tagubilin Hinggil sa Aklat ni Allāh (Kamahal-mahalan Siya at Kapita-pitagan)

Ang sabi ni Allāh (napakataas Siya):

اتَّبِعُوا مَا أُنْزِلَ إِلَيْكُمْ مِنْ رَبِّكُمْ وَلَا تَتَّبِعُوا مِنْ دُونِهِ أَوْلِيَاءَ قَلِيلًا مَا تَذَكَّرُونَ

**{Sumunod kayo sa pinababa sa inyo mula sa Panginoon ninyo at huwag kayong sumunod sa bukod pa sa Kanya bilang mga katangkilik. Kakaunti ang isinasaalaala ninyo!} (Qur'ān 7:3)**

75. Ayon kay Zayd bin Arqam (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagtalumpati kaya nagpuri siya at nagbunyi kay Allāh. Pagkatapos nagsabi siya:

**"Hinggil sa matapos niyon, pansinin, o mga tao, ako ay tao lamang. Napipinto na pumunta sa akin ang sugo ng Panginoon ko saka tutugon ako. Ako ay mag-iiwan sa inyo ng dalawang mabigat. Ang una sa dalawang ito ay ang Aklat ni Allāh: narito ang patnubay at ang liwanag kaya humawak kayo sa Aklat ni Allāh at kumapit kayo rito" – saka humimok siya [sa pagsunod] sa Aklat ni Allāh at nagpaibig siya rito – pagkatapos nagsabi siya: "at ang sambahayan ko." Sa isang pagkakabigkas: "Ang Aklat ni Allāh, ang matibay na lubid ni Allāh. Ang sinumang sumunod dito, siya ay naging nasa patnubay; at ang sinumang nag-iwan nito, siya ay naging nasa kaligawan."}**

Nagsalaysay nito si Imām Muslim.

76. Batay sa kanya sa mahabang ḥadīth ayon kay Jābir: {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi sa talumpati ng Araw ng `Arafah:

**"Nag-iwan nga ako sa inyo ng bagay na hindi kayo maliligaw kung nangunyapit kayo rito: ang Aklat ni Allāh. Kayo ay tatanungin tungkol sa akin, kaya kayo ay magsasabi ng ano?" Nagsabi sila: "Sumasaksi kami na ikaw ay nagparating nga, gumanap [sa tungkulin], at nagpayo." Nagsabi naman siya [na nagsesenyas] sa pamamagitan ng hintuturo habang nag-aangat nito sa langit at tumuturo nito sa mga tao: "O Allāh, sumaksi Ka," nang tatlong ulit.}**

77. Ayon kay `Alīy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Narinig ko ang Sugo ni Allāh (basbasan Allāh at pangalagaan) na nagsasabi:

**"Pansinin, tunay na ito ay magiging isang sigalot."**

**Nagsabi ako: "Ano po ang labasan mula rito, O Sugo ni Allāh?"**

**Nagsabi siya: "Ang Aklat ni Allāh ay may balita ng nangyari bago ninyo at pabatid ng matapos ninyo, at hatol sa pagitan ninyo. Ito ay ang pambukod [ng katotohanan sa kabulaanan], hindi ang biru-biro. Ang sinumang nag-iwan nito na palasiil, dudurugin siya ni Allāh. Ang sinumang naghangad ng patnubay mula sa iba pa rito, magliligaw sa kanya si Allāh. Ito ay matibay na lubid ni Allāh. Ito ay ang paalaalang marunong. Ito ay ang landasing tuwid. Ito ay ang hindi lumiliko dahil dito ang mga pithaya, hindi nalilito dahil dito ang mga dila, hindi nabubusog mula rito ang mga maaalam, hindi nalalaspag sa dami ng pagtugon, at hindi nagwawakas ang mga kababalaghan nito. Ito ay ang hindi napatigil ang mga jinn noong narinig nila ito hanggang sa nagsabi sila:**

قُلْ أُوحِيَ إِلَيَّ أَنَّهُ اسْتَمَعَ نَفَرٌ مِنَ الْجِنِّ فَقَالُوا إِنَّا سَمِعْنَا قُرْآنًا عَجَبًا (1) يَهْدِي إِلَى الرُّشْدِ فَآمَنَّا بِهِ وَلَنْ نُشْرِكَ بِرَبِّنَا أَحَدًا

**{1. ...Tunay na kami ay nakarinig ng isang pagbigkas na kahanga-hanga. 2. Nagpapatnubay ito sa pagkagabay kaya sumampalataya kami rito...} (Qur'ān 72:1-2) Ang sinumang nagsabi ayon dito ay nagpapakatotoo. Ang sinumang gumawa ayon dito ay pinabubuyaan. Ang sinumang humatol ayon dito ay nagpakamakatarungan. Ang sinumang nag-anyaya tungo rito ay pinatnubayan tungo sa isang landasing tuwid."}**

Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy, na nagsabing pambihira ito.

78. Ayon kay Abū Ad-Dardā' (malugod si Allāh sa kanya) batay sa ḥadīth na marfū`:

**{"Ang anumang ipinahintulot ni Allāh sa Aklat Niya, ito ay ipinahihintulot. Ang anumang ipinagbawal Niya, ito ay ipinagbabawal. Ang anumang pinanahimikan Niya, ito ay pagpapaluwag. Kaya tumanggap kayo mula kay Allāh ng pagpapaluwag Niya sapagkat tunay na si Allāh ay hindi naging ukol na lumimot ng anuman." Pagkatapos bumigkas siya**:

وَمَا نَتَنَزَّلُ إِلَّا بِأَمْرِ رَبِّكَ لَهُ مَا بَيْنَ أَيْدِينَا وَمَا خَلْفَنَا وَمَا بَيْنَ ذَلِكَ وَمَا كَانَ رَبُّكَ نَسِيًّا

**{Laging ang Panginoon mo ay hindi malilimutin.} (Qur'ān19:64)}**

Nagsalaysay nito sina Al-Bazzār, Ibnu Abī Ḥātim, at Aṭ-Ṭabarānīy.

79. Ayon kay Ibnu Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi:

**"Naglahad si Allāh ng isang paghahalintulad na isang landasing tuwid. Sa dalawang gilid ng landasin ay may dalawang pader. Sa**

**dalawang ito ay may mga pintuang nakabukas. Sa mga pintuan ay may mga nakalundong tabing. Sa tabi ng uluhan ng landasin ay may isang tagapag-anyaya na nagsasabi: 'Magpakatuwid kayo sa landasin at huwag kayong magpakabaluktot.' Sa ibabaw niyon ay may isang tagapag-anyayang nag-aanyaya sa tuwing may nagbalak na isang tao na magbukas ng anuman mula sa mga pintuang iyon. Nagsabi ito: 'Kawawa ka naman; huwag kang magbukas niyan sapagkat tunay na ikaw, kung magbubukas ka niyan, ay lalagos ka riyan."**

Pagkatapos nagpakahulugan siya nito saka nagpabatid siya na ang landasin ay ang Islām, na ang mga pintuang nakabukas ay ang mga pagbabawal ni Allāh, na ang mga nakalundong tabing ay ang mga hangganan ni Allāh, na ang uluhan ng landasin ay ang Qur'ān, at na ang tagapag-anyaya mula sa ibabaw nito ay ang tagapangaral ni Allāh sa puso ng bawat mananampalataya.}

Nagsalaysay nito si Razīn. Nagsalaysay nito sina Imām Aḥmad at Imām At-Tirmidhīy ayon kay An-Nawwās bin Sam`ān ayon sa tulad nito.

80. Ayon kay `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi:

**{Bumigkas ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):** {Siya ay ang nagpababa sa iyo ng Aklat; mula rito ay may mga talatang isinatahasan – na ang mga ito ay ang batayan ng Aklat –} Saka bumigkas ito hanggang sa sabi Niya:

**هُوَ الَّذِي أَنْزَلَ عَلَيْكَ الْكِتَابَ مِنْهُ آيَاتٌ مُحْكَمَاتٌ هُنَّ أُمُّ الْكِتَابِ وَأُخَرُ مُتَشَابِهَاتٌ فَأَمَّا الَّذِينَ فِي قُلُوبِهِمْ زَيْغٌ فَيَتَّبِعُونَ مَا تَشَابَهَ مِنْهُ ابْتِغَاءَ الْفِتْنَةِ وَابْتِغَاءَ تَأْوِيلِهِ وَمَا يَعْلَمُ تَأْوِيلَهُ إِلَّا اللَّهُ وَالرَّاسِخُونَ فِي الْعِلْمِ يَقُولُونَ آمَنَّا بِهِ كُلٌّ مِنْ عِنْدِ رَبِّنَا وَمَا يَذَّكَّرُ إِلَّا أُولُو الْأَلْبَابِ**

**{...Walang nagsasaalaala kundi ang mga may isip.} (Qur'ān 3:7)**

**Nagsabi siya: {Nagsabi ito:**

**"Kaya kapag nakakita kayo ng sumusunod sa anumang tumalinghaga mula rito, ang mga iyon ay ang mga tinukoy ni Allāh kaya mag-ingat kayo sa kanila."}**

Napagkaisahan ang katumpakan.

81. Ayon kay `Abdullāh bin Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: **{Gumuhit para sa amin ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng isang guhit sa pamamagitan ng kamay niya. Pagkatapos nagsabi siya: "Ito ay landas ni Allāh." Pagkatapos gumuhit siya ng guhit sa dakong kanan nito at sa dakong kaliwa nito at nagsabi siya: "Ito ay mga landas, na sa bawat landas mula sa mga ito ay may demonyong nag-aanyaya tungo rito." Pagkatapos bumigkas siya:**

**وَأَنَّ هَٰذَا صِرَاطِي مُسْتَقِيمًا فَاتَّبِعُوهُ وَلَا تَتَّبِعُوا السُّبُلَ فَتَفَرَّقَ بِكُمْ عَنْ سَبِيلِهِ ذَٰلِكُمْ وَصَّاكُمْ بِهِ لَعَلَّكُمْ تَتَّقُونَ**

**{Na ito ay ang landasin Ko, tuwid, kaya sumunod kayo rito. Huwag kayong sumunod sa mga [ibang] landas para magpahiwa-hiwalay ang mga ito sa inyo palayo sa landas Niya. Iyon ay itinagubilin Niya sa inyo, nang sa gayon kayo ay mangingilag magkasala.} (Qur'ān 6:153)**

Nagsalaysay nito sina Imām Aḥmad, Imām Ad-Dārimīy, at Imām An-Nasā'īy.

82. Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: **{Noon ay may mga taong kabilang sa mga Kasamahan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), na nagsusulat mula sa Torah saka bumanggit sila niyon sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kaya nagsabi siya: "Tunay na ang pinakahangal sa pagkahangal at ang pinakaligaw sa kaligawan ay mga taong umayaw sa inihatid ng propeta nila para**

**[tumangkilik] sa propetang iba pa sa propeta nila at para [tumangkilik] sa kalipunang iba pa sa kalipunan nila." Pagkatapos nagpababa si Allāh:**

**أَوَلَمْ يَكْفِهِمْ أَنَّا أَنْزَلْنَا عَلَيْكَ الْكِتَابَ يُتْلَى عَلَيْهِمْ إِنَّ فِي ذَٰلِكَ لَرَحْمَةً وَذِكْرَى لِقَوْمٍ يُؤْمِنُونَ**

**{Hindi ba nakasapat sa kanila na Kami ay nagpababa sa iyo ng Aklat na binibigkas sa kanila? Tunay na sa gayon ay talagang may awa at paalaala para sa mga taong sumasampalataya.} (Qur'ān 29:51)}**

Nagsalaysay nito si Al-Ismā`īlīy sa Mu`jam niya at si Maradawayhi.

83. Ayon kay `Abdullāh bin Thābit bin Al-Ḥārith Al-Anṣārīy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: **{Pumasok si `Umar (malugod si Allāh sa kanya) sa kinaroroonan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na may dalang isang sulat na dito ay may mga bahagi ng Torah, saka nagsabi ito: "Ito ay nasumpungan ko sa isang lalaki kabilang sa mga May Kasulatan, na inilalahad ko sa iyo." Nag-iba ang mukha ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) nang isang matinding pag-iba na hindi ako nakakita ng tulad niyon kailanman. Kaya nagsabi si `Abdullāh bin Al-Ḥārith kay `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): "Hindi mo ba nakikita ang mukha ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)?" Kaya nagsabi si `Umar: "Nalugod kami kay Allāh bilang Panginoon, sa Islām bilang relihiyon, at kay Muḥammad bilang propeta." Kaya nakapanatag ito sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at nagsabi siya:**

**"Kung sakaling bumaba si Moises saka sumunod kayo sa kanya at umiwan kayo sa akin, talagang naligaw kayo. Ako ay ang bahagi ninyo mula sa mga propeta at kayo ay ang bahagi ko mula sa mga kalipunan."}**

Nagsalaysay nito sina `Abdurrazzāq, Ibnu Sa`d, at Al-Ḥakim sa Al-Kunā.

# Ang Paksa ng mga Karapatan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

Ang sabi ni Allāh (napakataas Siya):

**يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا أَطِيعُوا اللَّهَ وَأَطِيعُوا الرَّسُولَ وَأُولِي الْأَمْرِ مِنْكُمْ فَإِنْ تَنَازَعْتُمْ فِي شَيْءٍ فَرُدُّوهُ إِلَى اللَّهِ وَالرَّسُولِ إِنْ كُنْتُمْ تُؤْمِنُونَ بِاللَّهِ وَالْيَوْمِ الْآخِرِ ذَلِكَ خَيْرٌ وَأَحْسَنُ تَأْوِيلًا**

**{O mga sumampalataya, tumalima kayo kay Allāh at tumalima kayo sa Sugo at sa mga may katungkulan mula sa inyo.} (Qur'ān 4:59)** Ang sabi pa Niya (napakataas Siya):

**وَأَقِيمُوا الصَّلَاةَ وَآتُوا الزَّكَاةَ وَأَطِيعُوا الرَّسُولَ لَعَلَّكُمْ تُرْحَمُونَ**

**{Magpanatili kayo ng pagdarasal, magbigay kayo ng zakāh, at tumalima kayo sa Sugo, nang sa gayon kayo ay kaaawaan.} (Qur'ān 24:56)** Ang sabi pa ni Allāh (napakataas Siya):

**مَا أَفَاءَ اللَّهُ عَلَى رَسُولِهِ مِنْ أَهْلِ الْقُرَى فَلِلَّهِ وَلِلرَّسُولِ وَلِذِي الْقُرْبَى وَالْيَتَامَى وَالْمَسَاكِينِ وَابْنِ السَّبِيلِ كَيْ لَا يَكُونَ دُولَةً بَيْنَ الْأَغْنِيَاءِ مِنْكُمْ وَمَا آتَاكُمُ الرَّسُولُ فَخُذُوهُ وَمَا نَهَاكُمْ عَنْهُ فَانْتَهُوا وَاتَّقُوا اللَّهَ إِنَّ اللَّهَ شَدِيدُ الْعِقَابِ**

**{Ang anumang ibinigay sa inyo ng Sugo ay kunin ninyo at ang anumang sinaway niya sa inyo ay tigilan ninyo.} (Qur'ān 59:7)**

84. Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: **{Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Inutusan ako na makipaglaban sa mga tao hanggang sa sumaksi sila na walang Diyos kundi si Allāh at sumampalataya sila sa akin at sa inihatid ko. Kaya kapag ginawa**

**nila iyon, maisasanggalang sila mula sa akin sa mga buhay nila at mga ari-arian nila maliban sa ayon sa karapatan ukol sa mga ito. Ang pagtutuos sa kanila ay nasa kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan)."}**

Nagsalaysay nito si Imām Muslim.

85. Batay sa kanilang dalawa, ayon kay Anas (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

**"May tatlo na ang sinumang ang mga ito ay naging nasa kanya, makatatagpo siya dahil sa mga ito ng tamis ng pananampalataya: na si Allāh at ang Sugo niya ay maging higit na iniibig sa kanya kaysa sa iba sa kanilang dalawa, na umibig siya sa tao nang hindi umiibig dito maliban dahil kay Allāh, at na masuklam siya na manumbalik sa kawalang-pananampalataya matapos na sumagip sa kanya si Allāh mula roon gaya ng pagkasuklam niya na itapon siya sa Apoy."}**

86. Batay sa kanilang dalawa, ayon sa kanya batay sa ḥadīth na marfū`:

**{[Nagsabi siya:] "Hindi sumasampalataya ang isa sa inyo hanggang sa ako ay maging higit na iniibig sa kanya kaysa sa anak niya, magulang niya, at mga tao sa kalahatan."}**

87. Ayon kay Al-Miqdām bin Ma`dīkarib Al-Kindīy (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi:

**"Napipinto [na mangyaring] ang lalaki ay nakasandal sa supa niya habang may isinasanaysay na isang ḥadīth mula sa ḥadīth ko saka magsasabi ito: 'Sa pagitan namin at ninyo ay [sapat na] ang Aklat ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) kaya ang anumang natagpuan namin dito na ipinahihintulot ay itinuturing namin na ipinahihintulot at ang anumang natagpuan namin dito na ipinagbabawal ay ipinagbabawal namin.' Pansinin, tunay na ang ipinagbawal ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay tulad ng ipinagbawal ni Allāh."}**

Nagsalaysay nito sina Imām At-Tirmidhīy at Imām Ibnu Mājah.

# Ang Paksa ng Pag-uudyok ng Propeta (Basbasan siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Pananatili sa Sunnah at Pagpapaibig Doon; sa Pag-iwan sa mga Bid`ah, Pagkakawatak-watak, at Pagkakaiba-iba; at sa Pagbibigay-babala Laban Doon

Ang sabi ni Allāh (napakataas Siya):

**لَقَدْ كَانَ لَكُمْ فِي رَسُولِ اللَّهِ أُسْوَةٌ حَسَنَةٌ لِمَنْ كَانَ يَرْجُو اللَّهَ وَالْيَوْمَ الْآخِرَ وَذَكَرَ اللَّهَ كَثِيرًا**

**{Talaga ngang nagkaroon para sa inyo sa Sugo ni Allāh ng isang magandang huwaran para sa sinumang naging nag-aasam kay Allāh at sa Huling Araw at nag-alaala kay Allāh nang madalas.} (Qur'ān 33:21)** Ang sabi pa Niya (napakataas Siya):

**إِنَّ الَّذِينَ فَرَّقُوا دِينَهُمْ وَكَانُوا شِيَعًا لَسْتَ مِنْهُمْ فِي شَيْءٍ إِنَّمَا أَمْرُهُمْ إِلَى اللَّهِ ثُمَّ يُنَبِّئُهُمْ بِمَا كَانُوا يَفْعَلُونَ**

**{Tunay na ang mga nagwatak-watak sa relihiyon nila at sila ay naging mga sekta, hindi ka kabilang sa kanila sa anuman.} (Qur'ān 6:159)** Ang sabi pa Niya (napakataas Siya):

**شَرَعَ لَكُمْ مِنَ الدِّينِ مَا وَصَّى بِهِ نُوحًا وَالَّذِي أَوْحَيْنَا إِلَيْكَ وَمَا وَصَّيْنَا بِهِ إِبْرَاهِيمَ وَمُوسَى وَعِيسَى أَنْ أَقِيمُوا الدِّينَ وَلَا تَتَفَرَّقُوا فِيهِ كَبُرَ عَلَى الْمُشْرِكِينَ مَا تَدْعُوهُمْ إِلَيْهِ اللَّهُ يَجْتَبِي إِلَيْهِ مَنْ يَشَاءُ وَيَهْدِي إِلَيْهِ مَنْ يُنِيبُ**

**{Isinabatas para sa inyo mula sa relihiyon ang anumang itinagubilin Niya kay Noe, at ang siyang ikinasi Namin sa iyo, at ang**

**anumang itinagubilin Namin kay Abraham, at Moises, at Jesus; na itayo ninyo ang relihiyon at na huwag kayong magkawatak-watak dito.} (Qur’an 42:13)**

88. Ayon kay Al-`Irbāḍ bin Sāriyah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: **{Nangaral sa amin ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng isang marubdob na pangaral na lumuha dahil dito ang mga mata at nasindak dahil dito ang mga puso. Kaya may nagsabing isang tagapagsabi: "O Sugo ni Allāh, para bang ito ay isang pangaral na namamaalam, kaya ano po ang ihahabilin mo sa amin?" Kaya nagsabi siya: "Nagtatagubilin ako sa inyo ng pangingilag magkasala kay Allāh, at ng pagdinig at pagtalima [sa pinuno] kahit pa man siya ay isang aliping Etyope sapagkat tunay na ang sinumang mamumuhay [nang matagal] kabilang sa inyo ay makakikita ng maraming pagkakaiba-iba. Kaya manatili kayo sa sunnah ko at sunnah ng mga Kahaliling Matinong Napatnubayan nang matapos ko. Kumapit kayo rito at kumagat kayo rito ng mga bagang ninyo. Kaingat kayo sa mga bagong pinauso sa mga bagay-bagay sapagkat tunay na ang bawat bagong pinauso ay bid`ah at ang bawat bid`ah ay kaligawan."}**

Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud at Imām At-Tirmidhīy at nagpahayag ng katumpakan nito si Imām Ibnu Mājah.

Sa isang salaysay niya:

**"Talaga ngang nag-iwan ako sa inyo sa [daanang] puti, na ang gabi nito ay gaya ng maghapon nito; walang nalilihis palayo rito maliban sa isang napapahamak. Ang sinumang mamumuhay [nang matagal] kabilang sa inyo ay makakikita ng maraming pagkakaiba-iba..."**

Pagkatapos bumanggit siya nito ayon sa kahulugan nito.

89. Batay kay Imām Muslim, ayon kay Jābir (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

**"Hinggil sa matapos niyon, tunay na ang pinakamabuting sanaysay ay ang Aklat ni Allāh, ang pinakamabuting patnubay ay ang patnubay ni Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), ang pinakamasama sa mga usapin ay mga pinausong katuruan ng mga ito, at ang bawat gawa-gawa ay kaligawan."}**

90. Batay kay Al-Bukhārīy, ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

**"Ang buong kalipunan ko ay papasok sa Paraiso maliban sa sinumang tumanggi."**

**Sinabi: "At sino ang tumanggi?"**

**Nagsabi siya: "Ang sinumang tumalima sa akin ay papasok sa Paraiso. Ang sinumang sumuway sa akin ay tumanggi nga."}**

91. Batay sa kanilang dalawa, ayon kay `Umar (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: **{May tatlong taong pumunta sa mga maybahay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), na nagtatanong tungkol sa pagsamba ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Noong ipinabatid sa kanila ito, para bang sila ay nagmaliit nito kaya nagsabi sila: "Saan tayo higit sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) samantalang pinatawad na sa kanya ang nauna sa pagkakasala niya at nahuli." Nagsabi ang isa sa kanila: "Hinggil sa akin, magdarasal ako sa [buong] gabi magpakailanman." Nagsabi naman ang isa pa: "Ako ay mag-aayuno sa maghapon at hindi titigil-ayuno." Nagsabi ang isa pa:**

**"Ako ay magpapakalayu-layo sa mga babae sapagkat hindi ako mag-aasawa magpakailanman." Dumating ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa kanila saka nagsabi: "Kayo ay ang nagsabi ng ganito at ganito. Sumpa naman kay Allāh, tunay na ako ay talagang pinakamatatakutin sa inyo kay Allāh at pinakamapangilagin magkasala sa inyo sa Kanya subalit ako ay nag-aayuno at tumitigil-ayuno, natutulog, at nag-aasawa ng mga babae. Ang sinumang umayaw sa sunnah ko ay hindi kabilang sa akin."}**

92. Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi:

**"Nagsimula ang Islām bilang kakaiba at manunumbalik ito bilang kakaiba kung paanong nagsimula ito, kaya kagalakan ay ukol sa mga kakaiba."}**

Nagsalaysay nito si Imām Muslim.

93. Ayon kay `Abdullāh bin `Amr (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

**"Hindi sumasampalataya ang [bawat] isa sa inyo hanggang sa ang pithaya niya ay sunod sa inihatid ko."}**

Nagsalaysay nito si Al-Baghawīy sa Sharḥ As-Sunnah (Paliwanag sa Sunnah) at nagpahayag ng katumpakan nito si Imām An-Nawawīy.

**94. Ayon kay `Abdullāh bin `Amr din na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Talagang may darating sa kalipunan ko na gaya ng dumating sa mga anak ni Israel na tulad ng [kapares na] sandalyas sa [kapares na] sandalyas**

**hanggang sa kung mayroon sa kanila na makikipagtalik sa ina niya nang hayagan, talagang sa kalipunan ko ay may gagawa niyon. Tunay na ang mga anak ni Israel ay nagkawatak-watak sa pitumpu't dalawang kapaniwalaan. Magkakawatak-watak naman ang kalipunan ko sa pitumpu't tatlong kapaniwalaan, na lahat sila ay sa Impiyerno maliban sa nag-iisa."**

**Nagsabi sila: "Ano po [ang kapaniwalaang] ito, O Sugo ni Allāh?"**

**Nagsabi siya: "Ang [kapaniwalaang] ako ay naroon at ang mga Kasamahan ko."}**

Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy.

95. Batay kay Imām Muslim, ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) batay sa ḥadīth na marfū`:

**{Ang sinumang nag-anyaya tungo sa isang patnubay, magiging ukol sa kanya mula sa pabuya ang tulad ng mga pabuya ng mga sumunod sa kanya, nang hindi nakababawas iyon mula sa mga pabuya nila ng anuman. Ang sinumang nag-anyaya tungo sa isang kaligawan, magiging laban sa kanya mula sa kasalanan ang tulad ng mga kasalanan ng mga sumunod sa kanya, nang hindi nakababawas iyon mula sa mga kasalanan nila ng anuman.}**

96. Batay kay Imām Muslim, ayon kay Abū Mas`ūd Al-Anṣārīy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: **{May dumating na isang lalaki sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), na nagsabi: "Tunay na ako ay nawalan ng masasakyan kaya magpasakay ka sa akin." Kaya nagsabi siya: "Wala akong taglay." Kaya may nagsabing isang lalaki: "O Sugo ni Allāh, ako ay gagabay sa kanya sa magsasakay sa kanya." Kaya nagsabi ang Sugo ni Allāh:**

**"Ang sinumang gumabay sa isang kabutihan, ukol sa kanya ang tulad sa pabuya ng tagagawa nito."}**

97. Ayon kay `Amr bin `Awf (malugod si Allāh sa kanya) batay sa ḥadīth na marfū`:

**{Ang sinumang nagbigay-buhay sa isang sunnah kabilang sa sunnah ko, na binigyang-kamatayan matapos ko, tunay na ukol sa kanya mula sa pabuya ang tulad sa pabuya ng sinumang gumawa ayon doon kabilang sa mga tao nang hindi nakababawas ito mula sa mga pabuya ng mga tao ng anuman. Ang sinumang nagpasimula ng isang bid`ah na hindi nalulugod dito si Allāh at ang Sugo Niya, tunay na laban sa kanya ang tulad ng kasalanan ng sinumang gumawa ayon doon kabilang sa mga tao nang hindi nakababawas ito mula sa mga kasalanan ng mga tao ng anuman.}**

Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy. Nagpahayag ng katumpakan nito si Imām Ibnu Mājah at ito ay pagkakabigkas niya.

98. Ayon kay Ibnu Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi:

**{"Papaano kayo kapag may lumito sa inyo na isang ligalig, na lumalaki rito ang bata, nag-uulyanin dito ang matanda, at ginagawa ito bilang sunnah na umaalinsunod ang mga tao rito sapagkat kapag may iniba mula rito na anuman ay sasabihing may iniwang sunnah?" Sinabi: "Kailan po iyon, O ama ni `Abdurraḥmān?" Nagsabi siya: "Kapag dumami ang mga tagabigkas ninyo [ng Qur'ān] at kumaunti ang mga mapag-unawa ninyo, dumami ang mga yaman ninyo at kumaunti ang mga mapagkakatiwalaan ninyo, at hinanap ang pangmundo kapalit ng gawain ng pangkabilang-buhay at nagpakaunawa para sa iba pa sa relihiyon."}**

Nagsalaysay nito si Imām Ad-Dārimīy.

99. Ayon kay Ziyād bin Ḥudayr (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: **{Nagsabi sa akin si `Umar (malugod si Allāh sa kanya): "Nakaaalam ka ba kung ano ang nagwawasak sa Islām?" Nagsabi ako: "Hindi." Nagsabi ito: "Nagwawasak dito ang pagkadulas ng maalam, ang pakikipagtalo sa mapagpaimbabaw hinggil sa Aklat [ni Allāh], at ang pamamahala ng mga pinunong tagapagligaw."}**

Nagsalaysay nito si Imām Ad-Dārimīy din.

100. Ayon kay Ḥudhayfah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: **{Ang bawat pagsambang hindi ipinangsasamba ng mga Kasamahan ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay huwag ninyong ipangsamba sapagkat tunay na ang una ay hindi nag-iwan para sa huli ng isang masasabi. Kaya mangilag kayong magkasala kay Allāh, o katipunan ng mga tagabigkas [ng Qur'ān], at sumunod kayo sa daan ng bago pa ninyo noon.}**

Nagsalaysay nito si Imām Abū Dāwud.

101. Ayon kay Ibnu Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: **{Ang sinumang susunod sa kalakaran ay sumunod siya sa kalakaran ng namatay na sapagkat tunay na ang buháy ay hindi maiiwas sa kanya ang sigalot. Ang mga [susunod na] iyon ay ang mga Kasamahan ni Muḥamamad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Sila noon ay ang pinakamainam sa kalipunang ito, ang pinakamabuting-loob nito sa mga puso, ang pinakamalalim nito sa kaalaman, at ang pinakakaunti nito sa pagkukunwari. Pumili sa kanila si Allāh para sa pagkakasama sa Propeta Niya (basbasan Niya ito at pangalagaan) at para sa pagpapanatili sa Relihiyon Niya. Kaya kumilala kayo para sa kanila ng kainaman nila, sumunod kayo sa bakas nila, at humawak kayo sa nakayanan ninyo mula sa mga kaasalan nila at mga pamumuhay nila sapagkat tunay na sila ay nasa patnubay na tuwid.}**

Nagsalaysay nito si Razīn.

102. Ayon kay `Amr bin Shu`ayb, ayon sa ama niya, ayon sa lolo niya, na nagsabi: **{Nakarinig ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng mga taong nagtatalu-talo hinggil sa Qur’an kaya nagsabi siya: "Nasawi lamang ang mga bago pa ninyo dahil dito. Pumalo sila sa Aklat ni Allāh sa isang bahagi nito sa pamamagitan ng isang bahagi. Bumaba lamang ang Aklat ni Allāh na nagpapatotoo ang bahagi nito sa ibang bahagi, kaya huwag kayong magpasinungaling sa isang bahagi nito sa pamamagitan ng isang bahagi. Kaya ang anumang nalaman ninyo mula rito ay sabihin ninyo at ang anumang namangmang kayo ay ipagkatiwala ninyo sa tagaalam nito."}**

Nagsalaysay nito sina Imām Aḥmad at Imām Ibnu Mājah.

# Ang Paksa ng Pag-uudyok sa Paghahanap ng Kaalaman at Pamamaraan ng Paghahanap

Nasaad kaugnay rito ang ḥadīth ng Dalawang Ṣaḥīḥ hinggil sa pagsubok sa libingan: **{Na ang pinagiginhawa [sa libingan] ay magsasabi: "Naghatid siya sa amin ng mga malinaw na patunay at patnubay kaya sumampalataya kami, sumagot kami, at sumunod kami." Na ang pinagdurusa [sa libingan] ay magsasabi: "Nakarinig ako sa mga tao habang nagsasabi sila ng isang bagay kaya nagsabi ako niyon."}**

104. Kaugnay sa dalawang ito, ayon kay Mu`āwiyah (malugod si Allāh sa kanya): {ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan ay nagsabi):

**"Ang sinumang nagnanais si Allāh dito ng isang kabutihan ay nagpapaunawa Siya rito sa Relihiyon."}**

105. Kaugnay sa dalawang ito, ayon kay Abū Mūsā (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

**"Tunay na ang paghahalintulad sa ipinadala sa akin ni Allāh na patnubay at kaalaman ay kahalintulad ng maraming ulan. Tumama iyon sa isang lupain, kaya mula rito ay may isang bahaging kaaya-aya na tumanggap ng tubig saka nagpatubo ito ng maraming pangkumpay at damo. Mula rito ay may mga matigas [na bahagi] na pumigil sa tubig kaya nagpakinabang si Allāh sa pamamagitan ng mga ito sa mga tao sapagkat uminom sila, nagpatubig sila, at nagsaka sila.Tumama iyon mula rito sa ibang bahagi, na ang mga**

**ito ay mga kapatagan lamang na hindi pumipigil sa tubig at hindi nagpapatubo ng pangkumpay. Iyon ay ang paghahalintulad sa sinumang umunawa sa Relihiyon ni Allāh at nagpakinabang sa Kanya ang ipinadala sa akin Allāh kaya nakaalam siya at nagturo siya at; ang paghahalintulad sa sinumang hindi nag-angat dahil doon ng ulo at hindi tumanggap sa pagpatnubay ni Allāh na ipinasugo Niya sa akin."}**

106. Batay sa kanilang dalawa, ayon ka `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya) batay sa ḥadīth na marfū`:

**{"Kaya kapag nakakita kayo ng sumusunod sa anumang tumalinghaga mula rito, ang mga iyon ay ang mga tinukoy ni Allāh kaya mag-ingat kayo sa kanila."}**

107. Ayon kay Ibnu Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: **{Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Walang anumang propeta na ipinadala ni Allāh sa kalipunan niya bago ko malibang nagkaroon siya mula sa kalipunan niya ng mga disipulo at mga kasamahan na humahawak sa sunnah niya at tumutulad sa utos niya. Pagkatapos tunay na [ang kalipunang] ito ay hinalilihan matapos na nila ng mga kahalili na nagsasabi ng hindi ginagawa ng mga ito at gumagawa ng hindi ipinag-uutos sa mga ito. Kaya ang sinumang nakibaka laban sa mga ito sa pamamagitan ng kamay niya, siya ay isang mananampalataya. Ang sinumang nakibaka laban sa mga ito sa pamamagitan ng dila niya, siya ay isang mananampalataya. Ang sinumang nakibaka laban sa mga ito sa pamamagitan ng puso niya, siya ay isang mananampalataya. Wala na bukod para riyan na anumang pananampalataya na [singlaki ng] isang buto ng mustasa."}**

Nagsalaysay nito si Imām Muslim.

108. Ayon kay Jābir (malugod si Allāh sa kanya): {Si `Umar (malugod si Allāh sa kanya) ay nagsabi: "O Sugo ni Allāh, tunay na kami ay nakaririnig ng mga pag-uusap mula sa mga Hudyo na nagpapahanga sa amin, kaya nagsasaalang-alang ka po ba na magsulat kami ng ilan sa mga ito?" Nagsabi siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

**"Mga nagpapakabigla-bigla ba kayo kung paanong nagpakabigla-bigla ang mga Hudyo at ang mga Kristiyano? Talaga ngang naghatid ako sa inyo nito na isang maputing busilak. Kung sakaling si Moises ay buháy, wala sana siyang nagawa kundi ang sumunod sa akin."}**

Nagsalaysay nito si Imām Aḥmad.

109. Ayon kay Abū Tha`labah Al-Khushanīy (malugod si Allāh sa kanya) batay sa ḥadīth na marfū`:

**{Tunay na si Allāh ay nagsatungkulin ng mga tungkulin kaya huwag kayong magwala ng mga ito, naghangganan ng mga hangganan kaya huwag kayong lumampas sa mga ito, nagbawal ng ilang bagay kaya huwag kayong lumabag sa mga ito, at nanahimik sa ilang bagay dala ng pagkaawa sa inyo hindi dala ng pagkalimot kaya huwag kayong maghanap ng mga ito.}**

Isang ḥadīth na maganda na isinalaysay ni Imām Ad-Dāruquṭnīy at ng iba pa sa kanya.

110. Nasaad sa Dalawang Ṣaḥīḥ ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi:

"Ang anumang sinaway ko sa inyo ay iwasan ninyo at ang anumang iniutos ko sa inyo ay gawin ninyo mula rito ang makakaya

ninyo sapagkat nasawi lamang ang mga bago pa ninyo dahil sa dami ng mga pagtatanong nila at pagsalungat nila sa mga propeta nila."}

111. Ayon kay Ibnu Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

**"Nagpaningning si Allāh sa isang taong nakarinig sa sinasabi ko saka nag-ingat nito, nakatanda nito, at gumanap nito sapagkat kay rami ng tagadala ng pang-unawa na hindi mapag-unawa at kay rami ng tagadala ng pang-unawa patungo sa higit na mapag-unawa kaysa sa kanya. May tatlong hindi pinaghihinakitan ng puso ng isang Mulsim: ang pagpapakawagas ng gawain para kay Allāh, ang pagpapayo sa mga Muslim, at ang pananatili sa bukluran nila sapagkat tunay na ang paanyaya nila ay pumapaligid mula sa likuran nila."}**

Nagsalaysay nito sina Imām Ash-Shāfi`īy at Imām Al-Bayhaqīy sa Al-Madkhal.

112. Nagsalaysay nito sina Imām Aḥmad, Imām Abū Dāwud, at Imām At-Tirmidhīy ayon kay Zayd bin Thābit (malugod si Allāh sa kanya).

113. Ayon kay `Abdullāh bin `Amr (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

**"Ang kaalaman ay tatlo: talatang isinatahasan, sunnah na nananatili, at tungkuling makatarungan. Ang anumang iba pa roon, iyon ay kalabisan."}**

Nagsalaysay nito sina Imām Ad-Dārimīy at Imām Abū Dāwud.

114. Ayon kay ni Ibnu `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

**"Ang sinumang nagsabi hinggil sa Qur'ān ayon sa pananaw niya ay umukupa siya ng luklukan niya mula sa Apoy."}**

Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy.

115. Sa isang salaysay:

**{"Ang sinumang nagsabi hinggil sa Qur'ān nang walang kaalaman ay umukupa siya ng luklukan niya mula sa Apoy."}**

Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy.

116. Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

**"Ang sinumang nagbigay-hatol nang walang kaalaman, ang kasalanan nito ay nasa sinumang nagbigay-hatol. Ang sinumang nagpahiwatig sa kapatid niya ng isang bagay na nalalaman niya na ang kagabayan ay nasa iba rito ay nagtaksil nga sa kanya."}**

Nagsalaysay nito si Imām Abū Dāwud.

117 Ayon kay Mu`āwiyah (malugod si Allāh sa kanya): "Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay sumaway laban sa mga pampamaling tanong."

Nagsalaysay nito si Imām Abū Dāwud din.

118. Ayon kay Kathīr bin Qays na nagsabi: {Ako minsan ay nakaupo kasama ni Abu Ad-Dardā’ sa masjid ng Damascus, saka may dumating na isang lalaki, saka nagsabi ito: "O Abu Ad-Dardā’, tunay

na ako ay pumunta sa iyo mula sa Lungsod ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) dahil sa isang ḥadīth na umabot sa akin tungkol sa iyo, na ikaw ay nagsasanaysay tungkol sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan); hindi ako pumunta sa iyo dahil sa isang pangangailangan." Nagsabi siya: "Tunay na ako ay nakarinig sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi:

**'Ang sinumang tumahak sa isang daan habang naghahanap dito ng kaalaman, magpapatahak si Allāh sa kanya sa isang daan patungo sa Paraiso. Tunay na ang mga anghel ay talagang nagbababa ng mga pakpak nila dala ng pagkalugod sa tagahanap ng kaalaman. Tunay na ang tagaalam ay talagang hinihingan ng tawad ng mga nasa langit, mga nasa lupa, at mga isda sa kalaliman ng tubig. Tunay na ang kalamangan ng tagaalam sa tagasamba ay gaya ng kalamangan ng buwan sa gabi ng kabilugan higit sa nalalabi sa mga planeta. Tunay na ang mga tagaalam ay mga tagapagmana ng mga propeta. Tunay na ang mga propeta ay hindi nagpamana ng dinar ni dirham. Nagpamana lamang sila ng kaalaman; kaya ang sinumang kumuha nito ay nakakuha ng isang masaganang bahagi.'"}**

Nagsalaysay nito sina Imām Aḥmad, Imām Ad-Dārimīy, Imām Abū Dāwud, Imām At-Tirmidhīy, at Imām Ibnu Mājah.

119. Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) batay sa ḥadīth na marfū`:

**{"Ang salitang marunong ay ang nawawalang ari-arian ng mananampalataya; kaya saan man siya makatagpo nito, siya ay higit na karapat-dapat dito."}**

Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy, na nagsabing pambihira ito, at si Imām Ibnu Mājah.

120. Ayon kay `Alīy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: **"Tunay na ang mapag-unawang totoong mapag-unawa ay ang sinumang hindi nagpapalagot sa mga tao ng pag-asa sa awa ni Allāh, hindi pumapayag para sa kanila sa mga pagsuway kay Allāh, hindi nagpapatiwasay sa kanila laban sa pagdurusang dulot ni Allāh, at hindi nag-iiwan sa Qur'an dala ng pag-ayaw dito para sa iba pa rito. Tunay na walang kabutihan sa isang pagsambang walang pagkakaalam dito, ni sa isang pagkakaalam na walang pagkaintindi rito, ni sa isang pagbigkas [ng Qur'an] na walang pagmumuni-muni rito."**

121. Ayon kay Al-Ḥasan (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

**"Ang sinumang dumating sa kanya ang kamatayan habang siya ay naghahanap ng kaalaman upang magbigay-buhay sa pamamagitan nito sa Islām, sa pagitan niya at ng mga propeta ay nag-iisang antas sa Paraiso."}**

Nagsalaysay ng dalawang ito si Imām Ad-Dārimīy.

# Ang Paksa ng Pag-alis ng Kaalaman

122. Ayon kay Abu Ad-Dardā' (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: **{Kami minsan ay kasama ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), saka tumitig siya ng paningin niya sa langit. Pagkatapos nagsabi: "Ito ay panahon na kinukupit dito ang kaalaman mula sa mga tao hanggang sa hindi sila makakaya mula rito sa anuman."}**

Isinalaysay ito ni At-Tirmidhīy

123. Ayon kay Ziyād bin Labīd (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: **{Bumanggit ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng isang bagay saka nagsabi siya: "Iyon ay sa sandali ng mga oras ng pagkawala ng kaalaman." Nagsabi ako: "O Sugo ni Allāh, papaanong mawawala ang kaalaman habang kami ay bumibigkas ng Qur'an at nagpapabigkas nito sa mga anak namin at magpapabigkas naman sila nito sa mga anak nila hanggang sa Araw ng Pagbangon?" Nagsabi siya: "Maulila sa iyo ang ina mo, O Ziyād! Tunay na ako ay naging talagang nakakikita sa iyo na isang pinakamapag-unawang lalaki sa Madīnah. Hindi ba itong mga Hudyo at mga Kristiyano ay nagbabasa ng Torah at Ebanghelyo habang hindi sila gumagawa ng anuman mula sa nasaad sa dalawang ito?"}**

Nagsalaysay nito sina Imām Aḥmad at Imām Ibnu Mājah.

124. Ayon kay Ibnu Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi:

**{Manatili kayo sa kaalaman bago maalis ito. Ang pag-alis nito ay ang pagkawala ng mga alagad nito. Manatili kayo sa kaalaman sapagkat tunay na ang [bawat] isa sa inyo ay hindi nakababatid**

**kung kailan siya mangangailangan nito o mangangailangan sa taglay niya. Makatatagpo kayo ng mga taong nag-aakala na sila ay nag-aanyaya tungo sa Aklat ni Allāh samantalang nagtapon na sila nito sa likuran ng mga likod nila. Manatili kayo sa kaalaman at kaingat kayo sa mga bid`ah, pagpapakabusisi, at pagpapakalalim. Manatili kayo sa matandang [katuruan].}**

Nagsalaysay nito si Imām Ad-Dārimīy ayon sa tulad nito.

125. Nasaad sa Dalawang Ṣaḥīḥ, ayon kay Ibnu `Amr batay sa ḥadīth na marfū`:

**{Tunay na si Allāh ay hindi kumukuha ng kaalaman dahil sa isang pag-aalis na nag-aalis Siya nito mula sa mga tao subalit kumukuha Siya ng kaalaman sa pamamagitan ng pagkamatay ng mga tagaalam; hanggang sa nang walang natirang tagaalam ay sasangguni naman ang mga tao sa mga pinunong mangmang, saka tatanungin sila, saka magbibigay-hatol naman sila nang walang kaalaman, kaya naligaw sila at nagligaw sila.}**

126. Ayon kay `Alīy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

**"Napipinto na may dumating sa mga tao na isang panahon na walang matitira mula sa Islām kundi ang pangalan nito at walang matitira mula sa Qur’an kundi ang sulat nito. Ang mga masjid nila ay puno samantalang ang mga ito ay sira sa patnubay. Ang mga tagaalam nila ay masama mula sa ilalim ng balat ng langit. Mula sa ganang kanila lumalabas ang sigalot at sa kanila ito nanunumbalik."}**

Nagsalaysay nito si Imām Al-Bayhaqīy sa [aklat na] Shi`b Al-Īmān.

# Ang Paksa ng Pagpapaigting sa Paghahanap ng Kaalaman Para sa Pakikipagtaltalan at Pakikipagtalo

127. Ayon kay Ka`b bin Mālik (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

**"Ang sinumang naghanap ng kaalaman para makipagsabayan sa pamamagitan nito sa mga maalam o para makipagtaltalan sa pamamagitan nito sa mga hunghang o magpabaling sa pamamagitan nito ng mga mukha ng mga tao tungo sa kanya, magpapapasok sa kanya si Allāh sa Impiyerno."}**

Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy.

128. Ayon kay Abū Umāmah (malugod si Allāh sa kanya) batay sa ḥadīth na marfū`:

**{"Walang naligaw na mga tao matapos ng isang patnubay na sila ay [nakabatay] roon maliban [nang] nagsagawa sila ng pagtatalo." Pagkatapos bumigkas siya ng sabi ni Allāh (napakataas Siya):**

وَقَالُوا أَآلِهَتُنَا خَيْرٌ أَمْ هُوَ مَا ضَرَبُوهُ لَكَ إِلَّا جَدَلًا بَلْ هُمْ قَوْمٌ خَصِمُونَ

**{Hindi sila naglahad nito para sa iyo kundi bilang pakikipagtalo. Bagkus sila ay mga taong palaalitan.} (Qur'ān 43:58)**

Nagsalaysay nito sina Imām Aḥmad, Imām At-Tirmidhīy, at Imām Ibnu Mājah.

129. Ayon kay `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

**"Tunay na ang pinakakasuklam-suklam sa mga lalaki para kay Allāh ay ang pinakapalaban sa mga kaalitan."}**

Napagkaisahan ang katumpakan.

130. Ayon kay Abū Wā’il: **{Ayon kay Abdullāh (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: "Ang sinumang naghanap ng kaalaman para sa apat na dahilan ay papasok sa Impiyerno" – o tulad ng salitang ito – "upang makipagmayabangan sa pamamagitan nito sa mga tagaalam o upang makipagtaltalan sa pamamagitan nito sa mga hunghang o upang magpabaling sa pamamagitan nito ng mga mukha ng mga tao tungo sa kanya o upang makakuha sa pamamagitan nito mula sa mga pinuno."}**

Nagsalaysay nito si Imām Ad-Dārimīy.

131. Ayon kay Ibnu `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi sa mga taong narinig niya na nagtataltalan sa relihiyon: **"Hindi ba kayo nakaalam na si Allāh ay may mga lingkod na pinatahimik ng takot kay Allāh hindi dahil sa pagkabingi ni pagkapipi? Tunay na sila ay may mga tagaalam, mga matatas, mga pinalaya, at mga aristokrata: mga tagaalam hinggil sa mga araw ni Allāh. Gayon pa man, sila, kapag nagsaalaala sa kadakilaan ni Allāh, ay natutuliro ang mga isip nila, nanlambot ang mga puso nila, at napuputol ang mga dila nila; hanggang sa nang natauhan sila mula roon ay nagmamabilisan sila tungo kay Allāh sa pamamagitan ng mga gawaing dalisay. Ibinibilang nila ang mga sarili nila kasama ng mga tagapagpabaya – samantalang tunay na sila ay talagang mga mahusay na malalakas – at kasama ng mga ligaw at mga mapagkamali samantalang tunay na sila ay talagang**

**mga mabuting-loob na inosente. Pansinin, tunay na sila ay talagang nagpaparami para sa Kanya ng maraming [pagtalima], hindi nalulugod para sa Kanya ng [gawang] kaunti, at hindi nagmamayabang sa Kanya ng mga gawa nila yayamang walang nakatagpo sa kanila na mga nagpapahalaga, na mga nababagabag, na mga nasisindak, na mga nangangamba."**

Nagsalaysay nito si Imām Abū Nu`aym.

132. Nagsabi si Al-Ḥasan noong nakarinig siya ng mga taong nagtatalunan: **{"Ang mga ito ay mga taong nagsawa sa pagsamba, gumaan sa kanila ang pagsasabi, at kumaunti ang katimpian nila kaya nagsasalita [na lamang] sila."}**

# Ang Paksa ng Pagpapaikli sa Pagsasalita at ang Pag-iwan ng Pagkukunwari at Pagpapakabusisi

133. Ayon kay Abū Umāmah (malugod si Allāh sa kanya) batay sa ḥadīth na marfū`:

**{"Ang hiya at ang katipiran sa salita ay dalawang sangay ng pananampalataya at ang kabastusan at ang pagkamasalita ay dalawang sangay ng pagpapaimbabaw."}**

Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy.

134. Ayon kay Abū Tha`labah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi:

**"Tunay na ang pinakakaibig-ibig sa inyo sa akin at ang pinakamalapit sa inyo mula sa akin sa Araw ng Pagbangon ay ang pinakamagaganda sa inyo sa mga kaasalan. Tunay na ang**

**pinakakasuklam-suklam sa inyo sa akin at ang pinakamalayo sa inyo mula sa akin ay ang masasagwa sa inyo sa mga kaasalan: ang mga madaldal, ang mga nangangalandakan, at ang mga nagmamayabang."}**

Nagsalaysay nito si imām Al-Bayhaqīy sa [aklat na] Shi`b Al-Īmān.

135. Nagsalaysay si imām At-Tirmidhīy ng tulad nito ayon kay Jābir (malugod si Allāh sa kanya):

136. Ayon kay Sa`d bin Abī Waqqāṣ (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

**"Hindi sasapit ang Huling Sandali hanggang sa may lumabas na mga taong kumakain sa pamamagitan ng mga dila nila kung paanong kumakain ang mga baka sa pamamagitan ng mga dila ng mga ito."}**

Nagsalaysay nito sina Imām Aḥmad, Imām Abū Dāwud, at Imām At-Tirmidhīy.

137. Ayon kay `Abdullāh bin `Amr (malugod si Allāh sa kanya) batay sa ḥadīth na marfū`:

**{"Tunay na si Allāh ay nasusuklam sa mahusay magsalita kabilang sa mga lalaki, na pumipilipit ng dila niya kung paanong pumipilipit ang baka ng dila nito."}**

Nagsalaysay nito sina Imām At-Tirmidhīy at Imām Abū Dāwud.

138. Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

**"Ang sinumang natuto ng pagpapalihis ng pananalita upang bumihag sa pamamagitan nito sa mga puso ng mga lalaki o mga tao, hindi tatanggap si Allāh mula sa kanya sa Araw ng Pagbangon ng isang pagpapalihis ni isang panumbas."}**

Nagsalaysay nito si Imām Abū Dāwud.

139. Ayon kay `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: **{"Ang pananalita noon ng Sugo ni Allāh ay pagpapasya na naiintindihan ng bawat nakaririnig nito." Nagsabi pa siya: "Siya noon ay nakikipag-usap sa amin ng isang pakikipag-usap na kung sakaling binilang ng tagabilang ay talagang naisa-isa nito iyon." Nagsabi pa siya: "Hindi siya noon nagpapasunud-sunod sa pakikipag-usap gaya ng pagpapasunud-sunod ninyo."}**

Nagsalaysay si Imām Abū Dāwud ng bahagi nito.

140. Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi:

**"Kapag nakakita kayo ng tao na nagbibigay ng kawalang-pakialam sa Mundo at kakauntian ng pagsasalita, lumapit kayo sa kanya sapagkat tunay na siya ay nagkakaloob ng karunungan."}**

Nagsalaysay nito si Imām Al-Bayhaqīy sa [aklat na] Shi`b Al-Īmān.

141. Ayon kay Buraydah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Narinig ko ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi:

**"Tunay na mula sa pagpapahayag ay may isang panggagaway, tunay na mula sa kaalaman ay may isang kamangmangan, tunay na mula sa pagtula ay may isang karunungan, at tunay na mula sa pagsasabi ay may isang kawalang-katuturan."}**

142. Ayon kay `Amr bin Al-`Āṣṣ (malugod si Allāh sa kanya): **{Siya ay nagsabi isang araw habang may tumayong isang lalaki saka nagparami ito ng pagsasabi. Nagsabi si `Amr: "Kung sakaling nagtipid siya sa pagsasabi niya, talagang ito sana ay naging mabuti para sa kanya. Nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: 'Talaga ngang nakaisip ako – o nag-utos ako – na magpaikli sa pagsasabi sapagkat tunay na ang pagpapaikli ay mabuti.'"}**

Nagsalaysay ng dalawang ito si Imām Abū Dāwud.

Ang papuri ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang, ayon sa papuring marami.

# Index

**Ang mga Saligan ng Pananampalataya** .................................... 1

Ang Paksa ng Pagkakilala kay Allāh (Kamahal-mahalan Siya at Kapita-pitagan) at Pananampalataya sa Kanya.................................... 3

Ang paksa ng sabi ni Allāh (napakataas Siya): {Hanggang sa nang naalisan ng hilakbot sa mga puso nila ay nagsabi sila: "Ano ang sinabi ng Panginoon ninyo?" Nagsabi sila: "Ang katotohanan." Siya ay ang Mataas, ang Malaki.} (Qur'ān 34:23) ............................. 13

Ang paksa ng sabi ni Allāh (napakataas Siya): {Hindi sila nagpahalaga kay Allāh nang totoong pagpapahalaga sa Kanya samantalang ang lupa ay lahatang isang dakot Niya sa Araw ng Pagbangon at ang mga langit ay mga nakatupi sa kanang kamay Niya. Kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya higit sa anumang itinatambal nila sa Kanya.} (Qur'ān 39:67) ..................................................... 15

Ang Paksa ng Pananampalataya sa Pagtatakda ......................... 20

Ang Paksa ng Pagbanggit sa mga Anghel (Sumakanila ang Pangangalaga) at ang Pananampalataya sa Kanila ..................... 29

Ang Paksa ng Tagubilin Hinggil sa Aklat ni Allāh (Kamahal-mahalan Siya at Kapita-pitagan) ..................................................... 43

Ang Paksa ng mga Karapatan ng Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)........................................................................ 49

Ang Paksa ng Pag-uudyok ng Propeta (Basbasan siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Pananatili sa Sunnah at Pagpapaibig Doon; sa Pag-iwan sa mga Bid`ah, Pagkakawatak-watak, at Pagkakaiba-iba; at sa Pagbibigay-babala Laban Doon ........................................... 51

Ang Paksa ng Pag-uudyok sa Paghahanap ng Kaalaman at Pamamaraan ng Paghahanap ............................................. 59

Ang Paksa ng Pag-alis ng Kaalaman......................................... 66

Ang Paksa ng Pagpapaigting sa Paghahanap ng Kaalaman Para sa Pakikipagtaltalan at Pakikipagtalo ......................................... 68

Ang Paksa ng Pagpapaikli sa Pagsasalita at ang Pag-iwan ng Pagkukunwari at Pagpapakabusisi ......................................... 70